## BIBLIOGRAPIYA

MEDE, JANET B. Oktubre, 2006. *KOMPREHENSYON sa mga KAGAMITANG DI-VERBAL ng mga MAG-AARAL sa UNANG TAON ng BENGUET STATE UNIVERSITY,* Benguet State University, La Trinidad, Benguet.

Tagapayo: MARIBEL Z. PALAZO, Ph.D.

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa hangaring masuri at matukoy ang komprehensyon at antas ng performans sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral sa unang taon na kumukuha ng kursong BSA, BSAB, BSDC, BSF at BSAENG'G. Layunin ng pag-aaral na ito na mabigyang-linaw ang mga sumusunod: 1). masuri ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral; 2). matukoy ang antas ng performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral; 3). matukoy ang kaugnayan ng komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ayon sa mga sumusunod na varyabol : unang wika, kasarian, eksposyur sa midya at pinagtapusang paaralan sa hayskul.

Ginamit ang palarawang disenyo ng pananaliksik upang matukoy at masuri ang komprehensyon at antas ng performans sa mga kagamitang di-verbal na kagamitan ng mga mag-aaral. Sa pagtukoy sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ginamit ang antas na: 94 – 100, mataas ang komprehensyon sa mensaheng ipinahahayag; 87 – 93, may komprehensyon sa

mensaheng ipinahahayag; 80 - 86, katamtaman ang komprehensyon sa mensaheng ipinahahayag; 73 – 79, bahagya ang komprehensyon sa mensaheng ipinahahayag at 72 pababa, walang komprehensyon sa mensaheng ipinahahayag sa mga kagamitang di-verbal.

Upang matukoy ang antas ng performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal, ginamit ang limang eskalang pagpapasya: 5 – mataas ang komprehensyon; 4 – may komprehensyon; 3 – katamtaman ang komprehensyon; 2 bahagya ang komprehensyon at 1 – walang komprehensyon.

Pinasagot sa mga mag-aaral ang 100 aytem na pagsusulit na binubuo ng larawan na 30 aytem; tsart 15 aytem; grap 30 aytem; 10 aytem sa simbolo at ilustrasyon; at 5 aytem sa dayagram.

Pinasagot ang mga talatanungan upang makuha ang mga varyabol na unang wika, kasarian, eksposyur sa midya at pinagtapusang paaralan sa hayskul. Ginamit ang $X^2_C$ (Chi-Square) sa pagtukoy sa kaugnayan ng mga varyabol.

Batay sa layunin ng pag-aaral, narito ang lumabas na resulta:

1. Ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ay mababa dahilan sa walang nakakuha sa antas na 94 – 100 at 87 – 93. (18.7%) mag-aaral ang nakakuha sa antas na 80 – 86, (8.9%) sa antas na 73 – 79 at (73.1%) sa antas na 72 pababa.

2. a. Ang antas ng performans sa komprehensyon sa larawan ng mga mag-aaral ay may mean na 21. Sa 30 aytem na tanong (66.1%) mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 19 – 24 at ang antas nito ay 4 o may komprehensyon.

b. Ang mean sa antas ng performans sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa tsart ay 13. Sa 15 aytem na tanong, (63.6%) na mga mag-aaral ay nakakuha ng iskor na nasa pagitan ng 13 – 15, ang antas nito ay 5. Nangangahulugang mataas ang kanilang komprehensyon sa tsart. Naintindihan nila agad ang kaisipang ipinahahayag nito.

c. Ang antas ng performans sa komprehensyon sa grap ng mga mag-aaral ay may mean na 22. Sa 30 aytem na tanong (74.7%) mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 19 – 24. Ito ay nasa antas na 4 na ipinapakahulugang may komprehensyon sa grap ang mga mag-aaral.

d. Natuklasang ang antas ng performans sa komprehensyon sa simbolo ng mga mag-aaral ay may mean na 4. Sa 10 aytem na tanong, karamihan sa iskor ay nasa pagitan ng 3 – 4 sa antas na 2 na ang ibig sabihin ay bahagya ang kanilang komprehensyon sa mga simbolo.

e. Ang antas ng performans sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa ilustrasyon ay may mean na 6. Sa 10 aytem na tanong maraming mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 7 – 8, ito ay sa antas 4 na nangangahulugang may komprehensyon sila sa mga ilustrasyon.

f. Natuklasan ding ang antas ng performans sa dayagram ng mga mag-aaral ay may mean na 2. Sa 5 aytem na pagsusulit marami ang nakakuha sa iskor na 2, ito ay sa antas na 2. Ang ibig sabihin nito ay bahagya ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa dayagram.

3. Ang kinalabasan ng pag-aaral sa pagsusuri sa kaugnayan ng mga varyabol sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ay ang mga sumusunod:

a. Sa lahat ng wika, walang nakakuha sa antas na 94 – 100 at 87 – 93. Sa Kankanaey, 41 mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 80 – 86, 14 ang nakakuha sa pagitan ng 73 – 79 at 167 ang nakakuha ng 72 pababa. Ipinapakita ng pagsusuri na nakararami sa mga mag-aaral

na ang unang wika ay Kankanaey ang nakakuha sa antas na walang

na ang unang wika ay Kankanaey ang nakakuha sa antas na walang

komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal. Sa Ilocano, 14 ang nakakuha sa pagitan ng 80 – 86; 9 sa pagitan ng 73 – 79; at 40 sa 72 pababa. Nasa antas na walang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ang kinalabasan ng pagsusuri sa mga mag-aaral na ang unang wika ay Ilocano. Sa Ibaloi, 10 mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 80 – 86; 7 sa pagitan ng 73 – 79 at 45 sa iskor na 72 pababa. Lumabas sa pagsusuri na nasa antas na walang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ang mga mag-aaral na ang unang wika ay Ibaloi. Sa Tagalog, 1 ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 73 – 79; 7 sa 72 pababa. Nasa antas na walang komprehensyon pa rin sa mga kagamitang di-verbal ang mga mag-aaral na ang unang wika ay Tagalog. Sa Kalinga, Kalanguya at Tuwali ay parehong nasa antas na walang komprehensyon ang kinalabasan ng pagsusuri dahilan sa nasa pagitan ng 72 pababa ang naging resulta ng pagsusulit na ibinigay.

Hindi tinatanggap ng haypotesis ng pag-aaral na may kaugnayan ang unang wika sa pag-unawa sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

b. Lumabas sa pagsusuri sa kaugnayan ng mga varyabol sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ayon sa kasarian na halos magkapareho ang bilang ng lalaki at babaeng respondenteng nakakuha ng iskor sa pagitan ng 72 pababa. Ibig sabihing walang komprehensyon ang mga lalaki at babae sa mga kagamitang di-verbal. Hindi tinatanggap ng haypotesis na may kaugnayan ang kasarian sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

c. Sa kanilang eksposyur sa midya, lumabas sa pagsusuri na hindi makabuluhan ang naging resulta sa pahayagan, magasin at radyo ngunit lumabas na makabuluhan ang resulta sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral sa telebisyon.

d. Sa pinagtapusang paaralan, pareho ang iskor ng mga mag-aaral na nagtapos sa pampubliko at pampribadong paaralan ay nasa antas na 72 pababa. Nangangahulugang walang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ang mga mag-aaral. Hindi tinatanggap ang haypotesis ng pag-aaral na may kaugnayan ang pinagtapusang paaralan sa hayskul sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na kongklusyon ay nabuo:

1. Mababa ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral na nakatala sa kursong, BSA, BSAB, BSDC, BSF, at BSAENG'G.

2. Mataas ang komprehensyon sa larawan, tsart, grap at

ilustrasyon ng mga mag-aaral ngunit mababa sa simbolo at dayagram.

3. Hindi tinatanggap ng haypotesis ng pag-aaral ang kaugnayan ng mga sumusunod na varyabol: ang unang wika, kasarian, eksposyur sa midya at pinagtapusang paaralan sa hayskul.

Batay sa naging resulta ng pag-aaral at nagawang kongklusyon, ang mga sumusunod ay ipinapayo:

1. Kailangang linangin ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglalantad sa kanila ng iba't ibang uri ng mga ito.

2. Iminumungkahi ang paggamit ng mga guro ng Filipino sa mga kagamitang di-verbal upang malinang ang komprehensyon sa mga ito ng mga mag-aaral.

3. Magbigay ng maraming pagsasanay sa gramatika na ang lunsaran ay mga kagamitang di-verbal.

4. Maghanda ng mga suplementong kagamitang panturo lalung-lalo na sa mga mag-aaral na nakatala sa mga k olehiyong binigyan ng pagsusulit upang malinang ang kanilang komprehensyon.

5. Gumawa ng iba pang pag-aaral tungkol sa mga kagamitang di-verbal na ang tuon ay sa pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at

verbal na ang tuon ay sa pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at pangangatwiran.

TALAAN NG NILALAMAN


Pahina

Bibliograpiya……… …………………………………………………….. i

Abstrak……..……………………………………………………………… iii

Talaan ng Nilalaman ……………………………………………….. vii

INTRODUKSYON

Sanligan ng Pag-aaral……….. ……... ……………………………. 1

Paglalahad ng Suliranin …………………………………………. 5

Layunin ……………………………………………………………. 5

Kahalagahan ng Pag-aaral ……………………………….…. 6

Saklaw at Delimitasyon…………………………………………… 8

MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL

Kagamitang di- Verbal ……………………………………………. 10

Kakayahang Komunikatibo………………………………………. 14

Teorya sa Pagbasa……………………………………………… 20

Lapit sa Pagsusulit ng Wika ……………………………………. 25

Kaugnay na Lokal na Pag-aaral…………………………………. 27

Balangkas ng Teorya …………………………………………. 29

Katuturan ng mga Katawagang Ginagamit sa Pag-aaral………. 31

Haypotesis…………………………………………………………. 35

PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Kinaganapan ng Pag-aaral ..…………………………………….. 37

Mga Respondente ……………………………………………….. 37

Paraan ng Pananaliksik …… ……………………………………. 39

Pangungulekta ng Datos .... ........................................... 41

Pagsusuring Estadistika ................................................ 42

PAGTALAKAY SA MGA RESULTA

Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-verbal ng mga mag-aaral.......................................... 43

Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Larawan ........... 47

Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Tsart ............... 50

Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Grap.................. 53

Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Simbolo .............. 55

Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Ilustrasyon .......... 58

Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Dayagram............ 60

Buod sa Antas ng Performans ng Komprehensyon ................. 61

Kaunayan sa Komprehensyon Ayon sa Unang Wika ............... 63

Kaugnayan sa Komprehensyon Ayon sa Eksposyur sa Midya...... 67

Kaugnayan sa Komprehensyon Ayon sa Pinagtapusang Paaralan sa Hayskul ..................................................... 70

PAGLALAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Paglalagom ............................................................ 73

Kongklusyon............................................................. 78

Rekomendasyon ....................................................... 79

SANGGUNIAN ............................................................. 80

APENDIKS

Talatanungan ............................................................ 86

Bayografi ............................................................... 107

# INTRODUKSYON

Sanligan ng Pag-aaral

Ang wika ay isa sa kasangkapang ginagamit ng tao sa kanyang pakikisalamuha sa kapwa. Ang wika ay kumakatawan sa isa sa pinakamalakas na buklod na nag-iisa sa tao at pinalalaganap ng pagkakaisa ang pambansang mithiin, layunin at damdamin. Naipadarama ng tao ang kanyang damdamin at ang nasasaisip sa pamamagitan ng wika.

Ayon kay Lachica (1998), maaaring mahulaan ang reaksyon ng tao maging verbal o di-verbal na pakikipagkomunikasyon. Bagama't magkaugnay ang komunikasyong verbal at di-verbal, madali namang makikilala ang kanilang pagkakaiba. Ang isang simpleng pakahulugan sa komunikasyong verbal ay nakasalalay sa lahat ng uring nasusulat o sinasalita samantalang ang di-verbal ay tumutugon sa lahat ng aspektong hindi ginagamitan ng salita.

Maraming mahahalagang bagay ang nagagawa ng komunikasyong di-verbal. Maraming bagay at mensahe ang naihahatid sa pamamagitan ng mga verbal at di-verbal na komunikasyon at may mga mensaheng higit na nauunawaan nang hindi kailangan ng salita. Hindi pa rin maihihiwalay na pangkalahatang sistema ng pakikipagkomunikasyon ang di-verbal na komunikasyon.

Ang wika ay lubhang mahalaga upang matagumpay ang ginagawang pagtuturo. Ang wika ay kasangkapan sa pakikipagkomunikasyon. Ang layunin nito ay magkaroon ng pakikipag-ugnayan at pakikipag-interaksyon. Ito ay proseso ng pagpapadala at pagtanggap ng mga mensahe sa pamamagitan ng mga simbolong pahiwatig na maaaring verbal o di-verbal.

Hindi laging verbal ang komunikasyon, hindi laging pasalita o pasulat. Madalas ay gumagamit din tayo ng mga di-verbal na anyo o di kaya'y kombinasyon ng verbal o di-verbal. Tulad ng kapag nahuli ng ina ang anak na nagkasala, hindi maililihim ng bata ang kanyang kasalanan sa kanyang mukha, mata, kilos ng katawan at kumpas ng mga kamay sa kabila ng kanyang matigas na pagtanggi.

Mahalaga ang di-verbal na komunikasyon sapagkat inilalantad o ipinahihiwatig nito ang kalagayang emosyunal ng isang tao, nililinaw nito ang kahulugan ng isang mensahe at pinanatili ang interaksyong resiprokal ng tagapagdala at tagatanggap ng mensahe (Tumangan, 2000).

Sa pagtuturo, napananatili nang matagal ang aralin sa isipan ng mga bata sa paggamit ng mga larawan. Walumpung bahagdang (80%) nananatili sa isipan ng mga mag-aaral ang tinalakay na teksto sa pamamagitan ng mga viswal na kagamitan at dalawampung bahagdan (20%) naman sa mga awdyo-viswal na kagamitan.

Ayon kay Adler (1983), nagpapakahulugan ng isang libong salita ang larawan. Tumutulong ito sa pagpapaliwanag kung bakit ang mga tsart, dayagram at iba pang grapikong pantulong ay bahagi ng kalakarang presentasyon. Sa katunayan, ang isang libong salita ay nagsasabi ng bahagi ng kwento.

Ang kagamitang di-verbal ay nagpapahayag din ng pakikipagkomunikasyon. Ito ay isang paraan sa pagpapahatid ng isang mensahe tulad ng paggamit ng mga grap, tsart, guhit, ilustrasyon at larawan. May malaking kalamangan ang mga ito sa paggawa ng mensahe bilang simbolo at simbolo sa mensahe. Ito ang tuon ng pag-aaral na ito, ang paggamit ng mga di-verbal na kagamitan na gawing verbal upang masuri ang pag-unawa o komprehensyon ng mga mag-aaral.

Ayon kay Nuttal (1982) sa pagbanggit ni Dacanay (2000), ang mga di-verbal na impormasyon ay kailangan bilang pantulong sa pag-unawa sa teksto. Halimbawa, hindi naiiintindihan ng mag-aaral ang binasa, magkakaroon lamang siya ng pag-unawa sa pagkilatis sa mga kagamitang di-verbal. Ito ay isang teknik upang malaman ang komprehensyon ng mga mag-aaral.

Ang mga gawain sa klase ay di lamang ibinabatay sa kung anumang batayang aklat na gamit. Pakikinabangan ang maraming uri ng kagamitang di-verbal gaya ng larawan, komik strip, grap, drowing,

tsart, dayagram, mapa, ilustrasyon at talahanayan.

Ang paggamit sa mga ito ay makatutulong nang malaki sa pag-uulat. Ginagamit ang mga ito upang makatawag – pansin sa mga detalyeng nais bigyan ng tuon bukod pa sa pang-akit nito. Ginagamit din ang mga ito bilang pandagdag o panlinaw sa paksang tinatalakay.

Hindi mahirap ang pagbasa sa mga kagamitang di-verbal kung alam mo ang iyong hinahanap. Ang problema ng mga taong nagbabasa ay sa “body language” dahil marami itong ipinagpakakahulugan. Ang isa sa sikreto ng pagbabasa ng body language ay ang pagtingin sa mga naganap na pangyayari. Halimbawa, kung tinatanong mo ang isang tao at walang imik, nagpapahiwatig na ayaw niyang sabihin ang katotohanan o maaaring nangangahulugang ayaw ang iyong paraan sa pagtatanong. Ang isang taong nakatalungko at nakatingin sa malayo na walang imik ay isang pahiwatig din ng komunikasyong di-verbal.

Matagumpay ang pagtuturo lalung-lalo na kung nakukuha ng guro ang atensyon ng mga mag-aaral na makipag-interak sa talakayan. Ang paggamit ng kagamitang di-verbal ay isa sa mga istilo o pamamaraan upang mapasigla ang pagtuturo at pagkatuto. Nalilinang ang komprehensyon ng mga mag-aaral Sila ay natututong makapagsalaysay, makapaglarawan, makapaglahad at makapagpaliwanag.

Nalilinang din ang kakayahang komunikatibo at perpormans ng

mga mag-aaral sa pakikipag-interak sa klase. Ayon kay Chomsky (1965), ang kakayahang komunikatibo ay tumutukoy sa kaalaman ng tao sa kanyang wika at performans naman ay nauukol sa kakayahan sa aktwal na paggamit ng target na wika.

Nakikipag-usap tayo sa ating kapwa nang may tiyak na pag-unawa: magpalitang-kuro, magkumustahan, imbitahan siya sa isang salu-alo, sabihin ang problema at iba pa. Lahat ng ating sasabihin sa ating kausap ay tungo sa katuparan ng pag-unawa natin sa mensaheng narinig. Nagagamit din natin ang mga di-verbal na pagkilos upang maging maliwanag ang mensaheng ipinahahayag.

<u>Paglalahad ng Suliranin</u>

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ng Benguet State University.

Sasagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral?

2. Ano ang antas ng performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral?

3. Ano ang kaugnayan ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga sumusunod na varyabol:

a. unang wika

b. kasarian

c. eksposyur sa midya

d. pinagtapusang paaralan sa hayskul

Layunin ng Pag-aaral

Nilalayon ng pag-aaral na ito na mabigyang-linaw ang mga sumusunod:

1. Masuri ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

2. Matukoy ang antas ng performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

3. Matukoy ang kaugnayan ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga sumusunod na varyabol:

a. unang wika

b. kasarian

c. eksposyur sa midya

d. pinagtapusang paaralan sa hayskul

Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang isa sa layunin ng pagtuturo ay malinang ang kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ito ang pinakamahirap na gawain ng guro.

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga

superbisor at administrador sa pag-aayos ng kurikulum upang maiangat ang kakayahan sa komprehensyon ng mga mag-aaral. Didiinan ang paggawa ng mga kagamitan hindi lamang sa verbal kundi pati na rin sa di-verbal . Ito ay magsisilbing gabay sa pagpapayaman sa kurikulum.

Nababawasan ang labis na pagsasalita ng guro sa paggamit ng mga kagamitan. Nakapagdaragdag ito ng interes sa pakikipag-interaksyon sa klase. Nagiging mabuting pangganyak ito sa pagdaragdag ng buhay sa klasrum. Napahuhusay rin nito ang paraan ng pagtuturo.

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga guro na hindi limitahan ang pagtuturo sa mga tradisyunal na teksto sa mga uri ng pagpapahayag at kasanayang makro. Naisasagawa rin ang mga ito sa pamamagitan ng mga kagamitang di-verbal upang malinang ang kakayahang pag-unawa at komunikatibo ng mga mag-aaral.

Ang mga kagamitang di-verbal ay makatutulong na maging kawili-wili at mapanghamon ang talakayan. May mga gawain at baryasyon ngunit naroroon ang maingat na pagsusunud-sunod ng aralin mula sa madadali patungo sa mahihirap o masasalimuot na aralin, mula sa manipulatibo patungo sa komunikatibo at sa paraang lohikal malinaw at madaling mauunawaan.

Makatutulong din ang pag-aaral na ito sa madaling pagpapahayag ng kaisipan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng

ng paggamit ng mga kagamitang di-verbal . Magkakaroon ng magandang daloy sa pakikipag-interaksyon ang mga mag-aaral, nalilinang ang kanilang kakayahan sa malayang pagpapahayag ng kanilang kaisipan at napaaangat din ang kanilang pag-unawa.

Ayon kay Breen (1987) sa pagbanggit ni Sison (1997), kinakailangan ng mga iba't ibang uri ng kagamitan sa wika. Nahihikayat ang mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang abilidad sa pagpapahayag at pagbibigay ng interpretasyon sa mga kagamitang di-verbal.

Saklaw at Delimitasyon

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga kagamitang di-verbal– larawan, grap, tsart, simbolo, ilustrasyon at dayagram.

Ang pagsusulit ay ibinigay sa mga mag-aaral na nakapagtala sa mga kursong BSA, BSAB, BSDC, BSF AT BSAENG'G.

Tinukoy ang antas ng kanilang antas ng performans sa komprehensyon. Ginamit ang limang puntong pagpapasya sa pagkuha nito: 1 – mataas ang komprehensyon; 2 – may komprehensyon; 3 - katamtaman ang komprehensyon; 4 – bahagya ang komprehensyon ; at 5 – walang komprehensyon.

Inilahad din ang kaugnayan ng mga varyabol sa kanilang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal sa unang wika, kasarian,

eksposyur sa midya at pinagtapusang paaralan sa hayskul.

Pinasagot sa mga mag-aaral ang pagsusulit upang matukoy at masuri ang kanilang komprehensyon at antas ng performans sa komprehsnyon sa mga kagamitang di-verbal . Gumamit ng talatanungan sa pagkuha sa mga kaugnayan ng mga varyabol sa pag-aaral.

**KAUGNAY NA PAG-AARAL**

Ang isa sa mga layunin ng pagtuturo ay interaksyon ng mga mag-aaral sa pagtalakay sa aralin upang bigyan-diin ang husay nila sa paggamit ng wika. Ito ay tuon ng pag-aaral na ito na maipahayag ng mag-aaral ang kanilang komprehensyon sa pamamagitan ng mga kagamitang di-verbal.

Kagamitang Di-Verbal

Binubuo ng wika ang mga tunog at salitang kinakailangan sa pakikipagtalastasan subalit kasama sa mga tunog at salita ang di-verbal na bahagi ng talastasan katulad ng aksyon, tono, gawa, gawi, sitwasyon at lahat ng mga paraan mayroon sa pagpapabatid ng mensahe (Semorlan, 1999). Ayon kay Tumangan (2000), hindi laging verbal ang komunikasyon, hindi laging pasulat at pasalita. Madalas, ginagamit din ang mga di-verbal na anyo ng komunikasyon. Maraming sinasabi ang katawan, minsan pa nga ay higit pa sa tunog na lumalabas sa bibig ng tao.

Ayon kina Nuttal (1982) at Adler (1986), ang mga di-verbal na pahayag kapag isinasabay sa verbal na impormasyon ay magiging mas mabisa at madaling maintindihan kaysa sa verbal na pahayag lamang.

Sinabi naman ni Halliday (1975) na pagbanggit ni Tomas (2004),

mahalaga rin ang di-verbal na komunikasyon dahil inilalantad o ipinahihiwatig nito ang kalagayang emosyunal ng isang tao. Nililinaw din nito ang kahulugan ng isang mensahe at pinanatili nito ang interaksyong resiprokal ng mga tagapadala at tagatanggap ng mensahe.

Maaaring makita ang iba't ibang anyo ng komunikasyong di-verbal sa mga sumusunod: oras , maaaring maiba-iba ang komunikasyon dahil sa oras; espasyo, ito ang inilalagay ng isang tao sa pagitan ng kanyang sarili at ng ibang tao; katawan, tumutukoy sa iba't ibang galaw ng katawan habang nakikipagtalastasan; pandama, ito ang pagpapadama ng iba't ibang damdamin sa tulong ng paghawak sa kausap; oculesics, tumutukoy sa paggamit ng mga mata sa komunikasyon tulad ng pag-irap, pagtaas ng kilay at iba pa; objectics, ito ang paggamit ng mga bagay sa komunikasyon sa pagpapaliwanag ng mga gustong sabihin o kaya ay paggamit din ng mga bagay kapag may damdaming nais ipahayag; vocalics, kaugnay ito ng pagbabagu-bago ng boses sa komunikasyon upang mabigyang-diin ang gustong sabihin. Gumagamit ang mga tao ng iba't ibang uri ng galaw at kilos sa pagpapahatid ng mensahe. Ang mga ito'y tinatawag na kumpas at ginagamit ang mga kamay, mukha at katawan sa pagsasagawa ng kilos. Ayon kay Steinberg (1993), maaari nitong ipahatid ang iba't ibang uri ng mensahe tulad ng pagbati, pagpapaalam, pag-uutos, paglalarawan at iba pa.

Ayon kay Cooper (1976) sa pagbanggit ni Sison (1997), ang pagbasa ay aktibong prosesong mapanlikha na binibigyan ng interpretasyon ng mambabasa ang mensahe. Ang pagsasagawa ng gawain ay maaaring sa pamamagitan ng mga di-verbal na kagamitan gaya ng larawan, grap, tsart, mapa at dayagram.

Tinukoy na hindi prosang pagbasa ang pagbibigay ng interpretasyon sa mga grap, tsart, mapa at mga kagamitang tabular (Romero & Romero, 1995 sa pagbanggit ni Dacanay, 2000). Ang pagkuha ng kahulugan ng teksto ay ginagamit sa pagkuha ng presentasyon upang maging malinaw sa mga mambabasa ang teksto.

Upang maabot ang kakayahang pag-unawa ng mga mag-aaral iminumungkahi ni Karl (1988) na ipahayag sa sariling kuru-kuro o kaisipan ang kahulugan ng isang teksto. Nakakatulong sa pagbibigay ng pagpapakahulugan ang mga larawan, grap, talahanayan at mapa. Nagaganyak na magpahayag ang mga mag-aaral na ginagamit ang target na wika.

Iminumungkahi ni Rivers (1978) na upang matuto ang mag-aaral sa ikalawang wika, gumamit ng mga kagamitan na umaayon sa kanilang pag-iisip. Ang mga ito ay mga tekstong ayon sa panilang pananaw (tradisyunal na materyal) tungo s a tekstong bilang proseso (awtentikong materyal) upang masubaybayan ang interaksyon ng mambabasa at

teksto.

Ang isa sa mga dahilan ng pagkawala ng gana ng mga mag-aaral sa pagbasa ay mga kagamitang hindi angkop sa kanilang interes. Upang malutas ito, bigyan sila ng mga materyal na umaayon sa kanilang interes (Anderson, 1981) – larawan, grap, tsart, talahanayan at mapa.

Sinabi rin ni McDonough at Shaw (1988) sa pagbanggit ni Sison (1997) na ang kakayahang komunikatibo ay tumutukoy sa kakayahan sa wika, ang produktibo (pagsasalita at pagsulat) at reseptibo (pakikinig at pagbasa). Ang paglinang sa mga kakayahan ay umaayon sa mga materyal o kagamitang gagamitin.

Ayon kay Adler (1983), nagpapakahulugan ng isang libong salita ang larawan. Tumutulong ito sa pagpapaliwanag kung bakit ang mga tsart, dayagram at iba pang grapikong pantulong ay bahagi ng kalakarang presentasyon. Sa katunayan, ang isang libong salita ay nagsasabi ng bahagi ng kwento.

Ayon kay Semorlan ( 1999), sa pagbanggit ni Tomas (2004), hindi laging verbal ang komunikasyon, hindi laging pasulat o pasalita. Madalas ginagamit ang mga di-verbal na anyo o kaya'y kumbinasyon ng mga verbal o di-verbal na anyo ng komunikasyon.

Matatagpuan sa wika ang mga tanda o simbolo na nagkakaroon ng kahulugan ayon sa gumagamit nito. Ang mga simbolo ay maaaring salita,

bilang, guhit, larawan o anumang hugis na kumakatawan sa konsepto. Ang mga tao ay nabubuhay sa mga simbolo na kinokontrol naman nila. Ang kakayahan ng taong kontrolin ang mga simbolo ay nagpapatangi sa kanya sa iba pang nilikha (Sapeir, 1961).

Kakayahang Komunikatibo

Nanguna si Chomsky (1965) sa pagbibigay liwanag sa kahulugan ng kakayahan at perpormans. Sinabi niya na ang kakayahan ay tumutukoy sa kaalaman ng tao tungkol sa kanyang wika at perpormans naman ay nauukol sa kakayahan sa aktwal na paggamit ng wika sa mga tiyak na pagkakataon. Ayon pa rin sa kanya:

> "… language is primarily concerned with ang ideal speaker-listener in a completely homogeneous speech community – who knows its language perfectly and is uneffected by such by such gramamatically irrelevant conditions as memory limitations, distractions, shifts of attention and interest, and errors… in applying his knowledge of the language in actual performance."

Ayon naman kina Wilkins (1976) at Widdowson (1977) hindi sapat ang kaalamang panggramatika upang magamit nang mabisa ang wika. Kailangang isaalang-alang din ang ilang mahahalagang bagay tulad ng kaangkupan ng sasabihin sa sitwasyong paggagamitan nito.

Sa kabilang dako, ang kakayahang komunikatibo ayon kina Canale at Swain (1980), ay tumutukoy sa pagkakaugnay at interaksyon ng at kakayahang panggramatika o kaalaman sa mga tuntunin ng gramatika at

sa kakayahang sosyo-linggwistika.

Ang pagkatuto ng wika ay binalak na proseso na ang wika ay pinag-aralan sa isang organisadong paraan at may sinusunod na isang tiyak na programa o silabus. Ang ganitong pagkatuto ay humahantong sa pagkakaalam sa mga tuntunin sa paggamit at kung paano ito ilalahad sa isang sistematiko at pormal na paraan (Krashen, 1985, sa pagbanggit ni Palazo, 2003).

Isang mabuting prinsipyo sa epektibong pagtuturo at pagkatuto ang pagbibigay ng maraming pagkakataon sa lahat ng mga mag-aaral na lumahok sa mga aktibiti o gawain sa klase (Belvez, 1997). Nawawala ang tensyon at pagkakimi ng mga mag-aaral na mahiyain. Sa maliit na pangkatan higit na malakas ang loob ng mga mag-aaral na magsalita kaysa sa magsalita sa buong klase.

Nagbigay si Belvez (1997) sa pagbanggit ni Palazo (2003), ng ilang katangian ng mabuting pagtuturo. Ang pagtuturo ay payak at madaling isagawa. Kayang isagawa ng guro at mag-aaral ang sunud-sunod na hakbang ng pagkatuto at pagtuturo. Mabuti ang pagtuturo kung magbibigay ng mabuting bunga o kahinatnan, humuhubog sa kanilang kakayahan at sila ang gumagawa sa mga gawain upang matuto. Ang guro ay tagasubaybay, tagapayo at papasok lamang sa bahaging hindi na kaya ng mag-aaral ang gawain.

Malaki ang pananagutan ng mga guro sa pagtuturo ng wika. Ayon kay Willing (1988) sa pagbanggit ni Palazo (2003), isinaalang-alang ng gurong sensitibo ang pag-aaral ng mga mag-aaral upang makatulong sa pagkakaroon ng isang mabuting pagkatuto.

Para masabi na ang tao ay may communicative competence sa isang wika, kailangang magtaglay siya ng linguistic o grammatical competence, sociolinguistic competence, discourse competence at strategic competence (Badayos, 1999).

Ang linguistic competence ay kakayahang umunawa at makabuo ng istruktura sa wika na sang-ayon sa tuntunin ng gramatika. Ito ay katayuan ng isang taong may kontrol o masteri sa porma o istruktura ng isang wika.

Ang discourse competence naman ay may kinalaman sa pag-unawa hindi ng isa-isang pangungusap kundi ng buong diskurso. Ito ay kakayahang bigyan ng interpretasyon ang isang serye ng mga napakinggang pangungusap upang makagawa ng isang makabuluhang kahulugan. Ang tagumpay ng pag-unawa sa isang diskurso ay sang-ayon sa kaalamang linggwistika, kaalamang istruktura at kaalaman sa social setting.

Ayon naman sa strategic competence, wala raw taong perpekto ang kaalaman sa kanyang wika at nakagagamit ng kaalamang ito nang

walang dapat alalahanin. Ginagamit natin sa abot ng ating makakaya kung anuman ang ating nalalaman. Ang mga istratehiya na ginagamit natin upang matakpan ang imperpektibong kaalaman natin sa wika ang tinatawag na strategic competence.

Ang pinakahuling elemento ng communicative competence ay ang sociolinguistic competence. Ang isang taong may sociolinguistic competence ay nakauunawa at nakagagamit ng kontekstong sosyal ng isang wika. Isinaalang-alang niya ang mga tatlong bagay sa pakikipag-usap; ang ugnayan ng pag-uusap, ang impormasyong pinag-uusapan nila at ang lugar kung saan sila nag-uusap. Bukod sa kaalaman sa mga tatlong salik, alam ng mga kasapi ng usapan ang layon ng kanilang pag-uusap. Sa sociolinguistic competence nakapaloob ang isang paghuhusga kung angkop sa tatlong salik ang sasabihin.

Sina Gumperz (1972), Widdowson (1978) at Wilkins (1976) ay kaisa sa paniniwalang hindi sapat ang kaalamang panggramatika upang magamit nang mabisa ang wika. Kailangang isaalang-alang din ang mga bagay tulad ng kaangkupan ng sasabihin sa sitwasyon ng paggamitan nito. Kailangang mapili ng tagapagsalita ang angkop na istratehiya upang masabi ang ano, kailan at saan. Mahalaga rin na magkaroon siya ng kaalamang kultural na makaaapekto sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa sinabi ng kausap.

Kinilala at binigyang-halaga nina Sperber at Wilson (1995) sa kanilang Relevance Theory ang katotohanang hindi lahat ng pahayag ay malinaw sa tagapakinig. Maaari itong magkaroon ng magkaibang kahulugan ayon sa pagkakaiba ng antas ng pag-unawa at pagpapakahulugan ng tagatanggap ng mensahe.

Ang kakayahang pangkomunikatibo ay likas na paggamit ng wika sa natural at tuluy-tuloy na paraan sa pakikipag-usap. Kasama sa interaksyon ang paghahatid ng mensaheng madaling masabi at maunawaan ng tagatanggap (Brumfit ,1991).

Para maging mabisa ang komunikasyon ay mahalagang bigyang-pansin ang mga  katangian nito. Ang komunikasyon ay isang proseso ng decoding. Ang proseso ng komunikasyon ay dinamiko at komplikado. Dinamiko dahil minsan lamang itong kasangkot. Ang pagpapakahulugan sa mensahe ay nakasalalay sa tagatanggap nito.  Ang proseso ay nauuri sa mensaheng pangnilalaman o mensaheng panlinggwistika at mensaheng relasyunal o mensaheng di-verbal na nagpapahiwatig ng damdamin o pagtingin sa kausap (Tumangan,  2000).

Malaki rin ang maitutulong ng  kaalamang pangkultura sa  paghugis ng kakayahan sa pagsasalita sapagkat hinihingi nito ang kaangkupan ng lenggwahe sa partikular na lipunan. Nangangahulugang kung hindi nauunawaan ng nagsasalita ang kultura ng lipunang kanyang

kinakaharap, malamang na makapagbitiw siya ng mga salitang maaaring makasakit o magbunga ng kalituhan. Hindi lahat ng tao ay pare-pareho ang pananaw at pagtingin sa mga bagay at gawain (Lachica, 1999).

Ang pagkakaiba ng pag-unawa sa mga pahayag ay naaapektuhan din ng kasarian ng isang tao. Sa usaping kasarian , ayon kay Resuma (2002), may magkaibang papel ang mga kalalakihan at kababaihan sa paggamit ng wika. Inaasahan na ang kababaihan ay higt na magiging maingat kaysa sa mga kalalakihan sa paggamit ng wika dahil ito ang inaasahan ng lipunan. Kaugnay nito binanggit din ni Trugill (1995) ang teoretikal na mungkahi mula sa mga sosyolinggwist. Una, ang mga lalaki ay mas madaling matuto sa mga impormal na pahayag kaysa sa mga babae. Pangalawa, inaasahang mas nakasusunod sa pamantayan ng lipunan ang mga babae lalung-alo na kung paggamit ng wika ang pinag-uusapan.

Sinabi naman ni Joiner (1979) sa pagbanggit ni Dacanay (2000), na ang kakayahang komunikatibo ay abilidad sa pagsabi at pagtanggap ng mensahe. Kabilang dito ang paggamit ng mga di-verbal na materyal sa proseso ng komunikasyon. Nagbibigay ng mensahe ang mga di-verbal na kagamitan na tinatanggap at inuunawa naman ng mga mag-aaral. Kung nakuha na ang mensaheng ipinapahayag nito nagkakaroon na ng komunikasyon.

<u>Teorya sa Pagbasa</u>

Ayon kay Coady (1979) para sa lubusang pag-unawa ng isang teksto, kailangan ang dating kaalaman ng tagabasa na maiuugnay niya sa kanyang kakayahang bumuo ng konsepto o kaisipan at kasanayan sa pagpoproseso ng mga impormasyong masasalamin sa teksto.

Tinawag ni Smith (1983) ang bottom-up na teorya sa pagbasa na outside-in o data driven sa dahilang ang impormasyon sa pag-unawa ay hindi nagmula sa mambabasa kundi sa teksto. Ang pagpapakahulugan sa binasa ay nasa huling yugto. Sa teoryang ito ang pag-unawa sa teksto ay batay sa mga nakikita tulad ng mga salita, pangungusap, larawan, dayagram, tsart, grap at iba pang simbolo.

Nanaig sa teoryang ito ang pagkatuto sa pagbasa ay nagsisimula sa yugtung-yugtong pagkilala sa mga titik tungo sa salita, parirala, pangungusap, ng buong teksto bago ang pagpapakahulugan sa teksto. Inilalarawan ng teoryang ito na ang pagbasa ay nagsisimula sa mga input ng grapiko, halimbawa, ang mga letra na siyang bumubuo ng mga nakalimbag na salita. Malinaw na masisilip sa teoryang buttom-up na ang pagbasa ay nagsisimula sa sintesis ng mga letra upang makabuo ng salitang bubuo ng mga pangungusap hanggang sa makabuo nang sapat na rami ng teksto na magbibigay-daan sa tagabasa upang maunawaan kung ano ang isinulat ng awtor.

Ang isang taong umaayon sa teoryang bottom-up ay naniniwala na ang pagbasa ay pagkilala ng mga salita at ang teksto ang pinakamahalagang salik sa pagbasa. Kung ilalapat ang kaisipang ito sa mga ginagawa sa loob ng klasrum, makikita ito sa paggamit ng mga phonics drill at pagsusuring istruktural bilang mga tampok na istratehiya sa pagtukoy ng mga salita at paggamit ng mga flash cards sa pagsasanay para sa pagkilala ng salita o parirala.

Ang teoryang iskema ay paglilinaw sa organisasyon at pag-iimbak ng dating kaalaman at karanasan. Ang lahat ng natutuhan at nararanasan ay nakalagak sa isipan at maayos na nakalahad ayon sa kategorya. Ang mga iskemang ito ay patuloy na nadaragdagan, nalilinang, napauunlad at nababago at ginagamit natin sa pag-uugnay ng anumang bagong karanasan. Bawat bagong impormasyon ay nagpapaparagdag sa dati nang iskema. Sa kasalukuyang pananaw sa pagbabasa, bago pa man din basahin ang teksto, ang mambabasa ay may ideya na sa nilalaman nito batay sa taglay niyang iskema sa paksa. Binabasa ang teksto upang patunayan kung tama ang hinuha o hula, may kulang o dapat na baguhin. Dahil sa ganitong kalagayan masasabing ang teksto ay input lamang sa proseso ng pagbubuo ng kahulugan. Hindi ang tekstong nabubuo sa isipan ng mambabasa (Pearson, 1982).

Ayon sa teoryang ito, ang teksto ay nagbibigay lamang ng

direksyon sa nakikinig o mambabasa kung paano nila gagamitin o paano bubuo ng pagpapakahulugan mula sa kanilang dating kaalaman. Ang dating kaalaman ay tinatawag na sanligang kaalaman ng mambabasa at ang kanyang balangkas ng dating kaalaman ay tinatawag na iskemata (Rumelhart, 1976).

Ayon pa rin kay Rumelhart, ang bawat iskema ay naghahawan ng landas tungo sa pag-unawa ng bagong impormasyon. Ang ating iskema ang tumitiyak kung paano mapakakahulugan ang bagong impormasyon. Kaya't ang isang mambabasa, bago pa man niyang matapos basahin ang isang teksto ay may ideya o hinuha na siya sa nilalaman niyon batay sa kanyang iskema. Binabasa niya ang kabuuan ng teksto upang mapatunayan kung ang kanyang hinuha ay wasto o may pagkukulang pa o kaya'y may dapat baguhin o idagdag.

Binibigyan diin ng teoryang interaktib ang pag-unawa bilang isang proseso at hindi isang produktibo. Ang kahulugan ng binabasa ay hindi lamang masusumpungan sa teksto. Kasama ang mambabasa sa pagbibigay ng kahulugan. Kaya mahalaga ang dati niyang kaalaman, pamilyaridad sa wikang ginamit ng awtor sa talasalitaang ginamit at sa wikang ginamit ng awtor, sa talasalitaang ginamit at sa konseptong inihahatid ng awtor sa teksto. Umaasa ang awtor at mambabasa na sila ay magkakaunawaan dahil sa iisa ang kanilang wikang ginagamit, may

mensaheng inihahatid, talasalitaan, konsepto at kapaligiran kaya kung hindi ito matutupad, masisira ang komunikasyon nilang dalawa. Kung maraming hinihingi ang awtor na hindi maibibigay ng mambabasa, hindi lubusang matatanggap ang mensaheng inihahatid. Sa kabilang dako, kung kulang ang kakayahan ng mambabasa hindi niya matatanggap nang lubusan ang mensahe.

Inaasahan din na gagamit ang guro ng iba't ibang uri ng teksto sa pagtuturo ng pagbasa ng mga verbal at di-verbal na kagamitan. Ang iba't ibang uri ng teksto ay makatutulong hindi lamang sa pagpapalawak ng bokabularyo at kayarian ng wika. Nagagawa rin nitong maitaguyod ang paglalapat ng mga kasanayan sa pagbasa sa iba't ibang layunin ng komunikasyon. Kailangang hikayatin ng guro ang mga mag-aaral na magkusa sa pagbabasa (Badayos, 1999).

Ang pagbasa hindi lamang pag-unawa sa verbal na kagamitan kundi pati na rin sa mga di-verbal na kagamitan tulad ng grap, dayagram, ilustrasyon, simbolo at larawan upang malinang ang iba't ibang kasanayan ng mag-aaral na magagamit niya sa pagbabasa ng iba pang teksto.

Ang pagbasa ay isang aktibong gawain. Masasabing interaktib dahil ang sinasabi ng isa ay nakaiimpluwensya sa sasabihin ng kausap. Ang interaksyon sa pagbasa ay kakaiba dahil laging nakikita ang awtor.

Hindi niya malaman ang bahagi ng teksto na nagdudulot ng kahirapan. Inayos lamang niya ang teksto ayon sa pangkalahatang perspektiba ng mambabasa.

Sa kabilang dako, ang mambabasa naman ay may pagkakataong makapag-isip, tingnan at basahing muli ang mahihirap na bahagi ng teksto. Kailangang maging obhetibo sa pagkilala ng pagkakaiba ng pananaw nito at ng awtor. Magagawa niya ito sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang at pagtitimbang ng lahat ng mga katibayan, pagpili ng mga salita at detalye, pag-unawa sa kabuuan ng teksto at iba pa. Mahalaga ito upang makuha ang mensaheng nais matanggap bilang mambabasa (Perfectti, 1981). Ang lahat ng mga nabanggit ay umaayon din sa pagbabasa sa mga di-verbal na kagamitan.

Ipinaliwanag ni Eskey (1986), na ang pagbasa ay kognitib. Ito ay paggamit ng taglay na kaalaman ng mambabasa kaya habang nagbabasa nagkakaroon na siya ng mga prediksyon sa pagbibigay interpretasyon at pag-unawa sa kabuuan ng teksto.

Ayon kay Bernstein (1963) sa pagbanggit ni Sison (1997) maganda ang pakikipag-interaksyon ng mga bata sa binabasa dahilan sa nauunawaan nila ang materyal, samakatuwid nakapagpapahayag ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga awtentikong materyal – gaya ng larawan, tsart, grap at iba pa.

<u>Lapit sa Pagsusulit ng Wika</u>

Totoong ang pagbibigay ng pagsusulit ay isang matipid na paraan sa pag-alam kung anong mga pagkatuto ang taglay ng mga mag-aaral. Subalit sahol ito sa maraming bagay lalo na iyong mahahalagang aspekto ng wika na kailangan sa pakikipagtalastasan. Karaniwang makikita sa mga pagsusulit ang mga sitwasyong malayo sa tunay na gamit ng wika. Ang pagsusulit na maraming pagpipiliian at cloze ay ilan lamang sa mga ito. Maraming pagpipiliang sagot ngunit sa pakikipagtalastasan ay halos wala. Sa ating pagtuturo laging isaisip ang realidad ng pagkatuto at ang mga sitwasyong paglalapatan ng mga kasanayan at wikang natutuhan.

Sa pamamagitan ng mga di-verbal na kagamitan tulad ng tsart, larawan, grap, simbolo, ilustrasyon at dayagram ay naipahahayag nang mabuti ng mga mag-aaral ang kanilang kaisipan at makabubuo ng mga konsepto base sa mga ito.

Ayon kay Davies (1978), binibigyang pansin ang pagsusulit ng wika ayon sa konteksto at kahulugan at sa kabuuang pangkomunikatibong aspekto ng kurso o pahayag. Samakatuwid, ang mga pagsusulit na integratibo ay hindi naglalayong inihihiwalay ang bawat kasanayan nang sabay-sabay. Ang pagsusulit na integratibo ay nauukol sa pagkakaroon ng global o kabuuang kakayahan sa wika gayun din sa pagiging rasyunal ng wika.

Sinusukat ang pangkalahatang kasanayan sa wika. Ayon kay Oller (1979), ang kakayahang pangwika ay isang nagkakaisang set ng magkakaugnay na abilidad o kakayahan at hindi dapat himay-himaymayin.

Ang lapit komunikatibo naman ay nagbibigay diin unang-una sa kung paano ginagamit ang wika sa komunikasyon. Ang layunin ay naiaaangkop ang mga gawaing pangwika sa tunay na mga nangyayari sa buhay ng mga mag-aaral. Ang tagumpay sa pagkatuto ay makikita sa pagiging epektibo ng komunikasyong isinasagawa sa halip na pagiging tama sa istruktura. Ang gamit ng wika ang mahalaga sa halip na pagkakaroon ng kaalamang sa gamit ng mga kayarian ng wika (Weir, 1990).

Ayon naman kay Lado (1961), sa pagsusuring konstraktibo ng katutubong wika at ang target na wika ay makikilala o matutukoy ang suliranin sa pag-aaral ng target na wika. Kaugnay ito ng mga nasa istruktural na linggwistiks, partikular sa kahalagahan ng konstraktibong pag-aanalisa ng wika at pagtukoy at pagtataya sa kasanayan ng mga mag-aaral sa magkakahiwalay na elemento ng target na wika tulad ng ponolohiya, bokabularyo at balarila. Ang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat ay hiwa-hiwalay rin na sinusubok sa dahilang layuning masubok ang mga ito nang isa-isa. Sa paggamit ng

mga di-verbal na kagamitan mahahasa ang mga bata sa pagsasalita, pagbabasa, pagsulat at pati na rin sa pakikinig.

Ang mga katangiang ito ng lapit istruktural ay balido para sa ilang uri ng pagsusulit at sa layuning ito. Halimbawa, sa layuning masubok ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat, inihihiwalay ang pagsusulat ng komposisyon sa pagbasa.

Kaugnay ng Lokal na Pag-aaral

Natuklasan ni Dacanay (2000) sa kanyang pag-aaral na kasiya-siya ang lebel ng perpormans ng mga respondente sa pag-unawa sa mga di-verbal na materyal.

Ayon sa kasarian ng mga mag-aaral mas mataas ang perpormans ng mga babae kaysa sa mga lalaki; sa pinagtapusang paaralan sa hayskul, ang mga mag-aaral na nakatapos sa pribadong paaralan ay nakakuha ng mataas na perpormans sa mga dayagram, grap at talahanayan samantalang sa mga mag-aaral na nakatapos sa pampublikong paaralan ay mataas sa flowchart. Walang kaugnayan ang mga babasahin sa bahay sa performans ng mga mag-aaral sa pag-unawa nila sa mga di-verbal na materyal.

Magkapareho ang pag-aaral ni Dacanay sa pananaliksik na ito. Ito ay sa wikang Filipino samantalang kay Dacanay ay sa wikang Ingles.

Sa pag-aaral naman ni Sison (1997), natuklasan niyang nahihirapan sa pag-unawa ang mga mag-aaral sa teksto ng editoryal ngunit magagaling sa mga editoryal karton.

Pinapatunayan ng pag-aaral ni Sison na mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga larawan kaya malaya nilang naipapahayag ang kanilang kaisipan.

May pagkakapareho ang pag-aaral ni Sison sa pag-aaral na ito. Ang gagamitin sa pagtuklas sa komprehensyon ng mga mag-aaral ay mga di-verbal na kagamitan tulad ng larawan, grap at drowing.

Ang ginamit naman ni Ticong (1999) sa kanyang pag-aaral upang matuklasan ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon ng Benguet ay mga patalastas. Natuklasan niyang nahihirapan ang mga mag-aaral sa bokabularyo ngunit madali sa kanila ang literal na pag-unawa sa mga awtentikong materyal gaya ng larawan, tsart, grap at iba pa.

Walang makabuluhang pagkakaiba sa perpormans ng mga mag-aaral sa komprehensyon sa mga di-verbal na materyal ayon sa mga uri ng babasahin sa kanilang bahay. Lumabas sa kanyang pag-aaral na ang uri ng babasahin ay hindi garantiya sa mataas na perpormans ng mga mag-aaral.

Gumamit din si Casingal (2000) ng mga drowing sa kanyang pag-

aaral upang masubok ang komprehensyon ng mga mag-aaral na kumukuha ng pagkainhenyero at arkitektura. Pareho niyang ginamit ang mga di-verbal na materyal sa mga kursong ito.

Balangkas ng Teorya

Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa iba't ibang teorya ng wika – ang linggwistika, sosyolinggwistika at sikolinggwistika gayun din sa teorya ng pagbasa. Ito ay makikita sa Fig. 1. Maliban sa mga teorya bilang input ng pag-aaral ipinasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong hango sa mga di-verbal na kagamitan. Tinalakay din ang mga varyabol na may kinalaman sa pag-aaral: ang unang wika, kasarian, eksposyur sa midya at pinagtapusang paaralan sa hayskul.

Sa proseso naman sinuri ang kinalabasan ng pagsusulit sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga kagamitang di-verbal na; tinukoy ang antas ng kanilang performans kung mataas ang performans, may performans, katamtaman ang performans, bahagya ang performans o walang performans; at ang kaugnayan ng mga varyabol sa kanilang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal.

Tinukoy naman sa output ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral at antas ng kanilang performans . Tinalakay rin ang kaugnayan ng mga varyabol sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

INPUT

A. Teorya sa Wika
   Linggwistika
   Sosyolinggwistika
   Sikolinggwistika
B. Teorya sa Pagbasa
C. Pagsusulit
D. Talatanungan
E. Varyabol
   1. Unang Wika
   2. Kasarian
   3. Eksposyur sa midya
   4. Pinagtapusang paaralan sa hayskul

PROSESO

Pagsusuri sa:

A. Komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.
B. Antas ng performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.
   a. mataas ang komprehensyon
   b. may komprehensyon
   c. katamtaman ang komprehensyon
   d. bahagya ang komprehensyon
   e. walang komprehensyon
C. Kaugnayan ng mga varyabol sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal mga mag-aaral .

OUTPUT

Pagkilala sa:

A. Komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga kagami-tang di-verbal.
B. Antasngperformanssakomprehensyonsamga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.
C. Kaugnayan ng mga veryabol sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga di-verbal na kagam

Fig. 1. Paradim ng Pag-aaral sa Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-Verbal ng mga Mag-aaral

Katawagan ng mga Kagamitan
sa Pag-aaral

Ang mga mahahalagang katawagan na ginamit sa pag-aaral ay binigyan ng katuturan upang maunawaan ng mga babasa at upang may patnubay ang mga kinauukulan sa hinaharap.

Antas. Tumutukoy sa performans sa pag-unawa sa mga di-verbal na kagamitan.

Antas ng Edukasyon. Ito ay tumutukoy kung ang respondente ay nakatapos sa mataas na paaralan, nasa kolehiyo o nakatapos ng kurso (Tibangay, 2000).

Baryasyon sa Pagtuturo. Pagkakaiba-iba ng paraan ng pagtuturo.

Berbal na Komunikasyon. Pakikipagtalastasan sa paraang pasulat o pasalita (Lachica, 1994).

Dayagram. Binubuo ito ng mga palaso o direksyonal na guhit na nagpapakita ng relasyon o daloy ng proseso o hakbang (Bilgera, 1986 sa pagbanggit ni Dacanay, 2000).

Di-Berbal na Komunikasyon. Pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng kilos o galaw ng bahagi ng katawan (Nunan, 1985).

Discourse Competence. May kinalaman sa pag-unawa hindi ng isa-isang pangungusap kundi ng buong diskurso. Ito ay kakayahang bigyan ng interpretasyon ang isang serye ng mga napakinggang pangungusap

upang makagawa ng isang makabuluhang kahulugan. (Canale at Swain, 1980 sa pagbanggit ni Tomas, 2004).

Gramatika. Ang simulain at tuntunin sa paggamit ng isang wika (Lachica, 1999).

Grap. Nagpapakita ng pagkakaugnay ng malinaw na balangkas ng ugnayan ng dalawa o higit pang bilang ng mga bagay o pangyayari. Ginagamit ito sa paglalahad ng istadistika sa pamamagitan ng tulduk-tuldok, linya, bilog, hanay o mga larawan. (UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Ilustrasyon. Pagbibigay-linaw sa anumang paksa sa pamamagitan ng mga larawan, disenyo o mga halimbawa. (UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Interaksyon. Palitan ng kuru-kuro sa loob sa silid-aralan.

Interpretasyon. Pagbibigay kahulugan o paliwanag sa isang pahayag.

Iskemata. Nauukol sa pag-uugnay ng sariling karanasan sa binabasa (Badayos, 1999).

Kagamitan. Anumang instrumento na ginagamit para mapadali ang pagtuturo at pagkatuto UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Kakayahan. Pagkakaroon ng kaalaman at karunungan sa mga teoritikal na tuntunin kaugnay ng mga antas sa pag-unawa sa pagbasa (Buensuceso, 1990).

Kakayahan sa Pagbasa. Tumutukoy ito sa mga natipong kaalaman sa pagbasa.

Kakayahang Komunikatibo. Ang pokus sa pagtuturo ay mensahe, magkapantay nang isinaalang-alang ang porma at mensahe. Kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa sa mga verbal at di-verbal na impormasyon (Nunan, 1985 sa pagbanggit ni Dacanay, 2000).

Kasarian. Tumutukoy kung babae o lalaki ang isang tao.

Komunikasyon. Proseso ng pagbibigay at pagtanggap ng impormasyon, kaalaman, kaisipan pati na ang mga saloobin, impresyon, kuru-kuro at damdamin (Resuma, 2002).

Kultura. Kabuuang kaisipan, kaugalian, o tradisyon ng isang bayan.

Kumbinasyon. Ito ay paraan ng pagpapahayag na gumagamit ng verbal at di-verbal na paraan.

Kurikulum. Listahan ng kurso o araling pinag-aaralan para gumradweyt (UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Larawan. Representasyon o imahe bilang produkto ng sining (UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Linggwistika. Ang makaagham na pag-aaral ng wika ( Lachica, 1994.)

Lingguistic Competence. Kakayahang umunawa at makabuo ng istruktura sa wika na sang-ayon sa tuntunin ng gramatika (Canale at Swain (1980) sa pagbanggit ni Tomas (2004).

Magasin. Babasahing nagtataglay ng iba't ibang uri ng lathalain at karaniwang lumalabas minsan sa isang Linggo (UP Diksyunayong Filipino, 2001).

Mapa. Diyagramatikong representasyon ng isang ruta o pook (UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Mensahe o Pahayag. Ang kaisipang nais ipahayag ng nagsasalita.

Midya. Pangunahing sangay ng komunikasyong komunikasyong pangmadla tulad ng pahayagan, magasin, telebisyon, radyo at motion picture (UP Diksyunaryong Filipino , 2001).

Pagpapahayag. Paraan ng pagpapahayag ng mensahe, verbal o di-verbal.

Pahayagan. Babasahing nagtataglay ng iba't ibang uri ng lathalain at karaniwang lumalabas araw-araw (UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Pagbasa. Ang pagbasa ay pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga nakalimbag na sagisag (Belvez et al. 1990).

Pagkatuto. Pagtatamo ng kaalaman, karunungan o kasnayan sa pamamagitan ng pag-aaral ng karanasan (Diksyunaryo ng Wikang Pilipino – Sentinyal na Edisyon, 1998).

Pagsusulit. Set ng katanungan na inilaan upang mabatid ang kahusayan ng isang tao (UP Diksyunayong Filipino, 2001).

Pag-unawa. Tumutukoy ito sa kalagayan o gawi ng tao upang maunawaan ang kahulugan ng mga nakalimbag o napakinggang salita (Matute, 1998).

Pasalita. Paraang pagpapahayag ng kaalaman, saloobin at damdamin sa pamamagitan ng mga tunog.

Pasulat. Pagpapahayag ng kaalaman, saloobin at damdamin sa pamamagitan ng titik o nakalimbag na salita.

Performans. Tumutukoy sa pagkaganap ng antas ng pagsubok sa pag-unawa sa pagbasa.

Radyo. Aparatong ginagamit sa pagtanggap, pagbrodkast o pagpapadala ng senyas na panradyo (UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Sikolinggwistika. Ito ay pag-aaral ng wika kaugnay ng sikolohiya (Canale at Swain, 1980 sa pagbanggit ni Tomas, 2000).

Simbolo. Salita, parirala, hulagway o katulad na may masasalimuot na kaugnay na kahulugan at itinuturing na halagang likas at hiwalay sa kinakatawan nito (UP Diksyunarayong Filipino, 2001).

Sosyolinggwistika. Ito ay tumutikoy sa pag-aaral ng wika ayon sa kontekstong gamit.

Strategic Competence. Istratehiyang ginagamit upang matakpan ang mga imperpektibong kaalaman ng isang tao sa wika (Canael at Swain, 1980 sa pagbanggit ni Tomas, 2004).

Talahanayan. Isang ayos ng mga salita, bilang o senyas o kumbinasyon ng mga ito, gaya ng magkaagapay na mga kolum o pitak upang itanghal ang set ng impormasyon o ugnayan sa isang tiyak, kinipil at komprehensibong anyo (UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Teksto. Ito'y tumutukoy sa mga materyal na sadyang ibinigay sa mag-aaral para sa kanilang mga aralin sa pagbasa (Barreras, 2002).

Telebisyon. Sistema o proseso ng pagpapahatid ng mga hulagway o eksena sa pamamagitan ng pagbabago ng sinag ng liwanag tungo sa elektronikong impulso na muling binago tungo sa sinag elektron ng tumatanggap sa set upang lumitaw ang orihinal sa skrin nito UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Teorya. Isang palagay o sistema ng mga ideyang nagpapaliwanag sa ilang bagay, lalo na nakabatay sa pangkalahatang mga prinsipyo at hindi nakasalig sa mga partikular na bagay UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Tsart. Kagamitang nagpapahayag ng ideya sa pamamagitan ng linya, hugis, larawan at krosis sa anumang paksa (UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Unang wika. Ang wikang unang natutuhan sa tahanan mula sa mga kasambahay sa edad na anim o pito bago pumasok sa unang baitang. May ganap nang kaalaman ang isang tao tungkol sa kanyang unang wika.

Varyabol. Sagisag para sa isang tiyak na kasama sa isang uri ng bagay (UP Diksyunaryong Filipino, 2001).

Wika. Isa sa mga kasangkapang ginagamit ng tao sa kanyang pakikisalamuha sa kapwa.

## Haypotesis

Inaasahang malulutas ang mga suliranin sa mga sumusunod na haka-haka:

1. May komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ang mga mag-aaral.

2. May makabuluhang pagkakaiba sa performans sa kompre-hensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

3. Ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ay may kaugnayan sa mga sumusunod na varyabol:

a. unang wika

b. kasarian

c. eksposyur sa midya

d. pinagtapusang paaralan sa hayskul

# PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

## Kinaganapan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay ginanap sa Benguet State University. Ito ay matatagpuan sa La Trinidad, Benguet. Pinagtuunan ng pansin ang pag-aaral na ito ang mga mag-aaral na nakapagtala sa kursong teknikal.

## Mga Respondente

Ang mga respondente ay mga mag-aaral na nakapagtala sa kursong BSA, BSAB, BSDC, BSF at BSAENG'G. Ginamit ang random sampling.

Makikita sa Talahanayan 1 ang profile ng mga respondenteng mag-aaral. Sa kasarian, ang mga lalaki ay binubuo ng 182 (50.6%) at ang mga babae ay 178 (49.4%). Sa pinagtapusang paaralan sa hayskul, ang mga mag-aaral na nagtapos sa pribadong paaralan ay binubuo ng 53 (14.7%) at sa publikong paaralan ay 307 (85.3%). Makikita pa rin sa talahanayan ang bilang at bahagdan ng kanilang unang wika. Sa wikang Kankanaey ito ay may bilang na 222 (61.7%), Ibaloi 62 (17.2 %), Ilokano 63 (17.5%), Tagalog 8 (2.2%), Kalinga at Kalanguya 1 (0.3%) at Tuwali 3 (0.8%). Ito ay may kabuuang 360 (100%).

Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang eksposyur sa midya ng mga mag-aaral. May kabuuang 257 (71.4%) ang mga mag-aaral na nagbabasa

Talahanayan 1. Profile ng mga Respondenteng Mag-aaral.

| DETALYE | BILANG NG RESPONDENTE | BAHAGDAN (% |
|---|---|---|
| KASARIAN | | |
| Lalaki | 182 | 50.6 |
| Babae | 178 | 49.4 |
| UNANG WIKA | | |
| Kankanaey | 222 | 67.7 |
| Ibaloi | 62 | 17.2 |
| Ilokano | 63 | 17.5 |
| Tagalog | 8 | 2.2 |
| Kalinga | 1 | 0.3 |
| Kalanguya | 1 | 0.3 |
| Tuwali | 3 | 0.8 |
| PAARALANG PINAGTAPUSAN SA HAYSKUL | | |
| Pribado | 53 | 14.7 |
| Publiko | 307 | 85.3 |
| KABUUAN | 360 | 100.00 |

ng pahayagan, 93 (25.8%) sa magasin, 217 (60.3%) sa mga nanonood ng telebisyon at 181 (50.3%) ang mga nakikinig sa radyo.

Paraan ng Pananaliksik

Ipinasagot sa mga mag-aaral ang pagsusulit na ginamitan ng mgakagamitang di-verbal upang matukoy ang kanilang komprehensyon. Tinukoy rin ang antas ng kanilang performans. Ito ay nakilala sa pamamagitan ng paggamit ng limang puntong pagpapasya:

Talahanayan 2. Eksposyur sa midya ng mga mag-aaral.

| MIDYA | BILANG NG MGA RESPONDENTE | BAHAGDAN (%) |
|---|---|---|
| Pahayagan | 257 | 71.4 |
| Magasin | 93 | 25.8 |
| Telebisyon | 217 | 60.3 |
| Radyo | 181 | 50.3 |

1 – mataas ang komprehensyon – nauunawaan agad ang mga kagamitang di-verbal ;

2 – may komprehensyon – may komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal;

3 – katamtaman ang komprehensyon – sapat ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ;

4 – bahagya ang komprehensyon – kaunti ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal;

5 – walang komprehensyon - walang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal.

Ginamit ang palarawang disenyo ng pananaliksik upang matukoy at masuri ang komprehensyon at performans sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral. Tinukoy rin ang kaugnayan ng mga varyabol sa kanilang komprehensyon tulad ng unang wika,

kasarian, eksposyur sa midya at pinagtapusang paaralan sa hayskul.

Sa pagtukoy sa komprehensyon sa mga kagamitang di- verbal ng mga mag-aaral ginamit ang antas na:

94 – 100 – nauunawaan agad ang mensaheng ipinapahayag ng di-verbal na kagamitan;

87 – 93 – may kahusayan sa komprehensyon sa mensaheng ipinahahayag ng di-verbal na kagamitan;

80 86 – katamtaman ang komprehensyon sa mga mensaheng ipinahahayag ng mga di-verbal na kagamitan;

73 – 79 – di – gaanong nauunawaan ang mensaheng ipinahahayag ng di-verbal na kagamitan at;

72 pababa – di – nauunawaan ang mensaheng ipinahahayag ng di-verbal na kagamitan.

Upang matukoy ang antas performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ginamit ang limang eskalang pagpapasya:

5 – mataas ang komprehensyon

4 – may komprehensyon

3 – katamtaman ang komprehensyon

2 – bahagya ang komprehensyon

1 – walang komprehensyon

Pangungulekta ng Datos

Pinasagot sa mga mag-aaral ang 100 aytem na pagsusulit na binubuo ng larawan na 30 aytem, tsart 15 aytem, 30 aytem na grap, 10 aytem na simbolo, 10 rin sa dayagram at 5 sa ilustrasyon. Gumamit ng talatanungan ang mananaliksik upang makuha ang personal na impormasyon ng mga respondente gaya ng unang wika, kasarian, eksposyur sa midya at pinatagpusang paaralan sa hayskul.

Pagsusuring Estadistika

Ginamit ang pagbabahagdan sa pagkuha ng komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral. Upang matukoy ang antas ng performans sa komprehensyon ng mga mag-aaral, ginamit ang 5 eskalang pagpapasya: 5 – mataas ang komprehensyon ; 4 – may komprehensyon; 3 – katamtaman ang komprehensyon; 2 – bahagya ang komprehensyon at 1 – walang komprehensyon. Ang $X^2{}_c$ (Chi-Square) ay ginamit sa pagtukoy sa kaugnayan ng mga varyabol na kasarian, unang wika, eksposyur sa midya at pinagtapusang paaralan sa hayskul.

**PAGTALAKAY SA RESULTA**

Ang kabanatang ito ay nakatuon sa pagsusuri, interpretasyon, resulta at pagtalakay sa mga datos. Ito ay umaayon sa tiyak na layunin ng pag-aaral:

1. Masuri ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

2. Matukoy ang antas ng performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

3. Matukoy ang kaugnayan sa komprehensyon ng mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ayon sa sumusunod na varyabol:

   a. kasarian
   b. unang wika
   c. eksposyur sa midya at
   d. pinagtapusang paaralan sa hayskul.

<u>Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-Verbal ng mga Mag-aaral</u>

Sinuri ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral. Ito ay ibinigay sa pamamagitan ng pagsusulit. Ang mga kagamitang di-verbal na ginamit sa pagsusuri ay larawan, tsart, grap, simbolo, ilustrasyon at dayagram.

Matutunghayan sa Talahanayan 3 ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral. Ayon sa talahanayan, walang nakakuha sa antas na 94 - 100 at 87 - 93, 65 (18.7%) na mag-aaral ang nakakuha sa antas 80 – 86. 32 (8.9%) sa antas na 73 - 79 at 263 (73.1%) sa antas na 72 pababa.

Hindi umaayon ang resulta ng pag-aaral sa pagmumungkahi ni Karl (1988) na nakatutulong sa pagbibigay ng pagpapakahulugan at pagpapahayag ng sariling kuru-kuro o kaisipan sa kahulugan ng isang teksto ang mga larawan, grap, talahanayan at mapa.

Taliwas din ang resulta ng pag-aaral na ito sa sinabi ni Anderson (1981), na ang isa sa mga dahilan ng pagkawala ng gana ng mga mag-aaral sa pagbasa ay mga kagamitang hindi angkop sa kanilang interes. Upang malutas ito bigyan sila ng mga material na umaayon sa kanilang interes. Ito ay maaaring sa paggamit ng grap, tsart, talahanayan at mapa.

Ayon kay Badayos (1999), ang mga iba't ibang teksto verbal o di-verbal ay nakatutulong sa pagtuturo ng pagbasa. Ang mga ito ay nakatutulong sa pagpapalawak ng talasalitaan at kayarian ng wika. Nagagawa rin nitong maitaguyod ang paglalapat ng mga kasanayan sa pagbasa sa iba't ibang layunin ng komunikasyon. Hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magkusa sa pagbabasa maaaring verbal tulad ng mga maikling kwento, dula, nobela, tula atbp. at kagamitang di-

Talahanayan 3. Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-verbal ng mga Mag-aaral.

| ANTAS | BILANG NG RESPONDENTE | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| 94 - 100 | 0 | 0 |
| 87 - 93 | 0 | 0 |
| 80 - 86 | 65 | 18.1 |
| 73 – 79 | 32 | 8.9 |
| 72 pababa | 32 | 73.1 |
| KABUUAN | 360 | 100 |

verbal gaya ng larawan, tsart, grap, dayagram, simbolo at ilustrasyon.

Upang maabot ang kakayahang pag-unawa ng mga mag-aaral iminumungkahi ni Karl (1988), na ipahayag sa sariling kuru-kuro o kaisipan ang kahulugan ng teksto. Nakatutulong sa pagbibigay ng pagpapakahulugan ang mga larawan, grap, talahanayan at mapa. Nagaganyak na magpahayag ang mga mag-aaral na ginagamit ang target na wika.

Iminungkahi rin ni Rivers (1978) na upang matuto ang mga mag-aaral sa ikalawang wika, gumamit ng mga kagamitan na umaayon sa kanilang pag-iisip. Ang mga ito ay mga tekstong ayon sa kanilang pananaw (tradisyunal na materyal) tungo sa tekstong bilang proseso

(awtentikong materyal) upang masubaybayan ang interaksyon ng mambabasa at teksto.

Nagbigay si Belvez (1997) sa pagbanggit ni Palazo (2003), ng ilang katangian ng mabuting pagtuturo. Ang pagtuturo ay payak at madaling isagawa. Kayang isagawa ng guro at mag-aaral ang sunud-sunod na hakbang ng pagkatuto at pagtuturo. Mabuti ang pagtuturo kung magbibigay ng mabuting bunga o kahihinatnan, humuhubog sa kanilang kakayahan at sila ang gumagawa sa mga gawain upang matuto. Ang guro ay tagasubaybay, tagapayo at papasok lamang sa bahaging hindi na kaya ng mag-aaral ang gawain.

Maraming mahahalagang bagay ang nagagawa ng komunikasyong di-verbal. Maraming bagay at mensahe ang naihahatid sa pamamagitan ng mga verbal at di-verbal na komunikasyon at may mga mensaheng higit na nauunawaan nang hindi kailangan ng salita.

Ipinahahayag ng resulta na mababa ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral. Marami ang nakakuha ng 72 pababa. Sa 360 mag-aaral 263 ang nakakuha sa antas na ito. Sa pagtuturo kailangang pagtuunan din ng pansin ang mga di – verbal na kagamitan. Kung malalantad ang mga bata sa mga ito uunlad ang kakayahan sa pag-unawa, sa ganito magiging matagumpay ang pagtuturo at pagkatuto.

## Antas ng Performans sa Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-verbal ng mga mag-aaral

Ang ikalawang layunin ng pag-aaral ay matukoy ang antas ng performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral. Ginamit ang limang antas ng pagpapasya: 5 – mataas ang komprehensyon; 4 – may komprehensyon; 3 – katamtaman ang komprehensyon; 2 – bahagya ang komprehensyon at; 1 – walang komprehensyon at pagbabahagdan.

### Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Larawan ng mga Mag-aaral

Matutunghayan sa Talahanayan 4 ang performans sa larawan ng mga mag-aaral. Ayon sa kinalabasan ng pagsusuri, nanguna ang may komprehensyon sa antas na 19 – 24 (66.1%) sa aytem na 30 ng pagsusulit sa larawan. Pangalawa ay katamtaman ang komprehensyon sa antas na 13 – 18 (20.0%), pangatlo ay mataas ang komprehensyon sa antas na 25 – 30 (12.5%) at sumunod ang bahagya ang komprehensyon sa antas na 4 – 6 (1.4%). Ang mean ng performans sa komprehensyon sa larawan ng mga mag-aaral ay 21.

Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa pag-aaral ni Ticong (1999), na mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga awtentikong materyal gaya ng larawan, tsart, grap at iba pa. Gayun din sa pag-aaral ni Sison (1997), na mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang

Talahanayan 4. Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Larawan ng mga Mag-aaral.

| ANTAS | BILANG NG RESPONDENTE | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| 25 – 30 | 45 | 12.5 |
| 19 – 24 | 238 | 66.1 |
| 13 – 18 | 72 | 20.0 |
| 7 – 12 | 5 | 1.4 |
| 6 pababa | 0 | 0 |
| KABUUAN | 360 | 100.0 |
| MEAN | 21 | |

Legend:
25 - 30 = 5 mataas ang komprehensyon
19 - 24 = 4 may komprehensyon
13 - 18 = 3 katamtaman ang komprehensyon
7 - 12 = 2 bahagya ang komprehensyon
6 pababa = 1 walang komprehensyon

mga larawan kaya malaya nilang naipahahayag ang kanilang kaisipan.

Ayon kay Adler (1983), nagpapakahulugan ng isang libong salita ang larawan. Tumutulong ito sa pagpapaliwanag kung bakit ang mga tsart, dayagram at iba pang grapikong pantulong ay bahagi ng kalakaran presentasyon. Sa katunayan, ang isang libong salita ay nagsasalita ng bahagi ng kwento.

Ayon kay John (1996), sa pagbanggit ni Dacanay (2000), ang isa sa pinakamahusay at pinakamadaling paraan sa pagpapahayag ng kaisipan sa kapwa ay sa pamamagitan ng paglagay sa kaisipan sa

anyong larawan. Likas sa taong madaling maganyak sa mga larawan at simbolo. Kung may larawan sa pahina ng pahayagan, karaniwang tinitingnan ito bago binabasa ang mga salita. Ipinaliliwanag nitong halos saanman, ang mga larawan ay nakakukuha ng atensyon.

Ayon kay Nuttal (1982) at Adler (1986), ang mga di-verbal na pahayag kapag isinasabay sa verbal na impormasyon ay magiging mas mabisa at madaling maintindihan kaysa sa verbal na pahayag.

Sinabi naman ni Halliday (1973) sa pagbanggit ni Tomas (2004), mahalaga rin ang di-verbal na komunikasyon dahil inilalantad o ipinahihiwatig nito ang kalagayang emosyunal ng isang tao. Nililinaw din ang kahulugan ng isang mensahe at pinanatili nito ang interaksyong resiprokal ng mga tagapadala at tagatanggap ng mensahe.

Ayon kay Lachica (1998), maraming mahahalagang bagay ang nagagawa ng komunikasyong di-verbal. Maraming bagay at mensahe ang naihahatid sa pamamagitan ng mga verbal at di-verbal na komunikasyon at may mga mensaheng higit na nauunawaan nang hindi kailangan ng salita. Hindi pa rin maihihiwalay na pangkalahatang sistema ang di-verbal na komunikasyon.

Mahalaga ang di-verbal na komunikasyon sapagkat inilalantad o ipinahihiwatig nito ang kalagayang emosyunal ng isang tao, nililinaw nito

ang kahulugan ng isang mensahe at pinanatili ang interaksyong resiprokal ng tagapagdala at tagatanggap ng mensahe. (Tumangan, 2000).

Ipinahahayag ng resulta ng pag-aaral sa performans ng komprehensyon sa larawan na nasa pagitan ng mataas at katamtaman.

Tunay na malaki ang tulong ng larawan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa anumang paksa kaya't hinihikayat ang mga guro sa paggamit ng mga larawan sa paglinang sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga kagamitang di-verbal.

Antas ng Performans sa Komprehensyon
sa Tsart ng mga Mag-aaral

Matutunghayan sa Talahanayan 5 ang performans sa sa tsart ng mga mag-aaral. Ayon sa kinalabasan ng pagsusuri mataas ang komprehensyon sa tsart ng mga mag-aaral sa antas na 13 – 15 (63.6%) sa 15 aytem na pagsusulit, sumunod ang may komprehensyon sa antas na 10 – 12 (35%) at katamtaman ang komprehensyon sa antas na 7 – 9 ( 1.4%). Walang nakakuha sa antas na 7 – 9, 4 – 6 at 1 – 3. Ito ay may mean na 13.

Ipinapakahulugan ng resulta na nauunawaan kaagad ng mga mag-aaral ang kaisipang ipinahahayag ng tsart. Mas mataas ang kanilang kanilang performans sa tsart.

Ang resulta ng pag-aaral ay sumasang-ayon pa rin sa pag-aaral ni

Talahanayan 5. Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Tsart ng mga Mag – aaral.

| ANTAS | BILANG NG RESPONDENTE | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| 13 - 15 | 229 | 63.6 |
| 10 - 12 | 126 | 35.0 |
| 7 - 9 | 5 | 1.4 |
| 4 - 6 | 0 | 0 |
| 1 - 3 | 0 | 0 |
| KABUUAN | 360 | 100.0 |
| MEAN | 13 | |

Legend
13 - 15 = 5 mataas ang komprehensyon
10 - 12 = 4 may komprehensyon
7 - 9 = 3 katamtaman ang komprehensyon
4 - 6 = 2 bahagya ang komprehensyon
1 - 3 = 1 walang komprehensyon

Sison (1997), na nauunawaan ng mga mag-aaral ang awtentikong materyal kaysa sa salita lamang. Gayundin sa natuklasan ni Ticong (1999), sa kanyang pag-aaral na ang mga tsart, grap, larawan at iba pa ay madaling mauunawaan.

Ang mga kagamitang di-verbal ay makatutulong na maging kawili-wili at mapanghamon ang talakayan. May mga gawain at baryasyon ngunit naroroon ang maingat na pagsusunud-sunod ng aralin mula sa madadali patungo sa mahihirap o masasalimuot na aralin, mula sa manipulatibo patungo sa komunikatibo a t sa paraang lohikal, malinaw at madaling nauunawaan.

Ayon kay Breen (1987) sa pagbanggit ni sison (1997), kinakailangan ng mga iba't ibang uri ng kagamitan sa wika. Nahihikayat na ipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang abilidad sa pagpapahayag at pagbibigay ng interpretasyon sa mga kagamitang di-verbal.

Ang kagamitang di-verbal ay nagpapahayag din ng akikipagkomunikasyon. Ito ay isang paraan sa pagpapahatid ng isang mensahe tulad ng paggamit ng grap, tsart, guhit, ilustrasyon at larawan. May malaking kalamangan ang mga ito sa paggawa ng mensahe bilang simbolo at simbolo sa mensahe.

Ayon kay Semorlan (1999) sa pagbanggit ni Tomas (2004), hindi laging verbal ang komunikasyon, hindi laging pasulat o pasalita. Madalas ginagamit ang mga di-verbal na anyo o kaya'y kumbinasyon ng mga verbal o di-verbal na anyo ng komunikasyon.

Matatagpuan sa wika ang mga tanda o simbolo na nagkakaroon ng kahulugan ayon sa gumagamit nito. Ang mga simbolo ay maaaring salita, bilang, guhit, larawan o anumang hugis na kumakatawan sa konsepto. Ang mga tao ay nabubuhay sa mga simbolo na kinokontrol naman nila. Ang kakayahan ng taong kontrolin ang mga simbolo ay nagpapatangi sa kanya sa iba pang nilikha (Sapir, 1961).

Ang magandang resulta ng performans ng mga mag-aaral sa tsart ay katulad ng resulta ng pag-aaral ni Dacanay (2000), sa dahilang

natuklasan niyang kasiya-siya ang performans ng kanyang mga respondente sa pag-unawa sa tsart.

<u>Antas ng Performans sa Komprehensyon
sa Grap ng mga Mag-aaral</u>

Makikita sa Talahanayan 6 ang antas performans sa grap ng mga mag-aaral. Base sa pagsusuri lumabas na nanguna ang ang may komprehensyon sa antas na 19 – 24 (74.7%) sa aytem na 30 ng pagsusulit sa grap. Pangalawa ay mataas ang komprehensyon sa antas na 25 – 30 (17.2%), pangatlo ay katamtaman ang komprehensyon sa antas na 13 – 13 (7.5%) at sumunod ang bahagya ang komprehensyon sa antas na 7 – 12 (0.6%). Ang mean ng performans sa grap ng mga mag-aaral ay 22.

Ayon sa kinalabasan ng pagsusuri ang antas ng performans ng mga mag-aaral sa grap ay may pag-unawa. Tulad sa tsart madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang kaisipang ipinahahayag ng grap.

Sinabi ni Joines (1979) sa pagbanggit ni Dacanay (2000), na ang kakayahang komunikatibo ay abilidad sa pagsabi at pagtanggap ng kagamitangmensahe. Kabilang dito ang paggamit ng mga kagamitang di-verbal sa proseso ng komunikasyon. Nagbibigay ng mensahe ang mga kagamitang di-verbal na tinatanggap at inuunawa naman ng mga mag-aaral. Kung nakuha na ang mensaheng ipinapahayag nito ay

Talahanayan 6. Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Grap ng mga Mag-aaral.

| ANTAS | BILANG NG RESPONDENTE | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| 25 – 30 | 62 | 17.2 |
| 19 – 24 | 269 | 74.7 |
| 13 – 18 | 27 | 7.5 |
| 7 – 12 | 2 | 0.6 |
| 6 pababa | 0 | 0 |
| KABUUAN | 360 | 100.0 |
| MEAN | 22 | |

Legend
25 – 30 = 5 mataas ang komprehensyon
19 – 24 = 4 may komprehensyon
13 – 18 = 3 katamtaman ang komprehensyon
7 - 12 = 2 bahagya ang komprehensyon
6 pababa 1 walang komprehensyon

nagkakaroon na ng komunikasyon.

Para maging mabisa ang komunikasyon ay mahalagang bigyang-pansin ang mga katangian nito. Ang komunikasyon ay isang proseso ng decoding. Ang proseso ng komunikasyon ay dinamiko at komplikado. Dinamiko dahil minsan lamang itong kasangkot. Ang pagpapakahulugan sa mensaheng pangnilalaman o mensaheng panlinggwistika at mensaheng relasyunal o mensaheng di-verbal na nagpapahiwatig ng damdamin o pagtingin sa kausap (Tumangan, 2000).

Ayon kina Wilkins (1970) at Widdowson (1977) hindi sapat ang kaalamang panggramatika upang magamit nang mabisa ang wika. Kailangang isaalang-alang din ang ilang mahahalagang bagay tulad ng kaangkupan ng sasabihin sa sitwasyong paggagamitan nito.

Naipahahayag nang mabuti ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa paggamit ng wika sa tulong mga mga kagamitang di-verbal . Ang mga ito ay nagsisilbing gabay nila sa pagpapahayag.

Ang isa sa mga dahilan ng pagkawala ng gana ng mga mag-aaral sa pagbasa ay mga kagamitang hindi angkop sa kanilang interes. Upang malutas ito, bigyan sila ng mga materyal na umaayon sa kanilang interes tulad ng larawan, grap, tsart, talahanayan, ilustrasyon at mapa.

Ayon kay Cooper (1976) sa pagbanggit ni Sison (1997), ang pagbasa ay aktibong prosesong mapanlikha na binibigyan ng interpretasyon ng mambabasa ang mensahe. Ang pagsasagawa ng gawain ay maaaring sa pamamagitan ng mga kagamitang di-verbal gaya ng larawan, grap, tsart, mapa at dayagram.

<u>Antas ng Performans sa Komprehensyon<br>sa Simbolo ng mga Mag-aaral</u>

Matutunghayan sa Talahanayan 7 ang antas ng performans sa simbolo ng mga mag-aaral. Sa 10 aytem na tanong 148 (41.1%) ang mga mag-aaral na nakakuha ng iskor sa pagitan ng 3 – 4. Ibig sabihin

bahagya ang kanilang komprehensyon sa kanilang performans. 129 (35.8%) na mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 5 – 6, ang antas ng kanilang komprehensyon ay katamtaman; 58 (16.1%) sa antas na walang komprehensyon; 23 (6.4%) ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 7 – 8. Ito ay sa may komprehensyon at 2 (0.6%) mag-aaral ang nakakuha sa pagitan ng 9 – 10, ang antas ng performans sa kanilang komprehensyon ay mataas. Ang mean ng performans sa simbolo ng mga mag-aaral ay 4.

Ayon kay Hatch (1979) sa pagbanggit ni Dacanay (2000), upang madaling maunawaan ang mga konsepto ay gumamit ng mga simbolo, ilustrasyon, larawan, krokis at iba pa. Ito ay hindi umaayon sa kinalabasan ng pag-aaral na ito dahilan sa ang performans sa pag-unawa sa simbolo ng nakararami sa mga mag-aaral ay nasa antas na bahagya.

Ayon kay John (1996), isa sa pinakamadaling paraan sa pagpapahayag ng ideya ay sa pamamagitan ng paglalagay sa anyong larawan. Ang mata ay madaling naaakit sa mga larawan o simbolo.

Kung may larawan o simbolo sa pahina ng pahayagan, karamihan ang tumitingin dito bago basahin. Ipinaliwanag niya na kahit saanman ang mga simbolo ay nakakukuha ng atensyon.

Sa daan patungong paaralan, sino man ay nakakikita ng mga

Takahanayan 7. Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Simbolo ng Mga Mag-aaral.

| ANTAS | BILANG NG RESPONDENTE | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| 9 – 10 | 2 | 0.6 |
| 7 – 8 | 23 | 6.4 |
| 5 - 6 | 129 | 35.8 |
| 3 – 4 | 148 | 41.1 |
| 1 – 2 | 58 | 16.1 |
| KABUUAN | 360 | 100.0 |
| MEAN | 4 | |

Legend
9 – 10 = 5 mataas ang komprehensyon
7 – 8 = 4 may komprehensyon
5 – 6 = 3 katamtaman ang komprehensyon
3 – 4 = 2 bahagya ang komprehensyon
1 – 2 = 1 walang komprehensyon

palatandaan sa mga lugar, direksyong pantrapiko, karatula at iba pa. Sa mga paaralan, nakakikita ng mga poster, mapa, tsart, larawan. Sa mga tahanan naman ay pahayagan, magasin at larawan. Hikayating ang mga mag-aaral na pagtuunan ng pansin ang mga ito upang malinang ang kanilang pag-unawa sa mga kagamitang di-verbal.

Ayon kina Wittich at Schuller (1962), ang maingat na pagplano sa paggamit ng mga simbolo, tsart, dayagram at iba pang grapikong kagamitan ay nakatutulong sa mga mag-aaral na bumuo ng kaisipan at nakauunawa na nagpapatunay na natututo sila sa mga kagamitang di-verbal kaysa sa verbal na pagpapaliwanag.

Base sa resulta ng pag-aaral na mas marami ang nakakuha ng bahagya ang komprehensyon iminumungkahi ang lalo pang paggamit ng simbolo at iba pang-verbal na kagamitan ng mga guro sa kanilang pagtuturo upang mahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga ito.

Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Ilustrayon ng mga Mag-aaral

Mababasa sa Talahanayan 8 ang antas ng performans sa ilustrasyon ng mga mag-aaral. Sa aytem na 10, 137 (38.2%) mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 7 – 8 nangangahulugang sila ay may komprehensyon sa ilustrayon; 117 (32.4%) ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 5 – 6, katamtaman ang kanilang komprehensyon; 60 (16.7%) mag-aaral ang nakakuha ng iskor na 3 – 4 bahagya ang kanilang komprehensyon; 33 (9.2%) komprehensyon; at 13 (3.6%) na mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 1 -2 na nangangahulugang wala silang komprehensyon. Ang mean ng performans sa ilustrasyon ng mga mag-aaral ay 6.

May komprehensyon ang performans ng mga mag-aaral sa ilustrasyon. Ito ay sumasang-ayon sa mungkahi ni Karl (1988), na upang matamo ang mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 9 –10 mataas ang kanilang kakayahan sa di-verbal na kagamitan, ang mga

Talahanayan 8. Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Ilustrasyon ng mga Mag- aaral.

| ANTAS | BILANG NG RESPONDENTE | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| 9 – 10 | 33 | 9.2 |
| 8 – 7 | 137 | 38.2 |
| 5 – 6 | 117 | 32.5 |
| 3 – 4 | 60 | 16.7 |
| 1 – 2 | 13 | 3.6 |
| KABUUAN | 360 | 100.0 |
| MEAN | 6 | |

Legend
9 – 10 = 5 mataas ang komprehensyon
7 – 8 = 4 may komprehensyon
5 – 6 = 3 katamtaman ang komprehensyon
3 – 4 = 2 bahagya ang komprehensyon
1 – 2 = 1 walang komprehensyon

mag-aaral ay hinihiling na ibigay ang kani-kanilang interpretasyon sa mga ito. Ang mga ito ay nakagaganyak sa kanila at ang wikang ginagamit sa gawaing ito ay malilinang.

Sinabi ni Harmer (1987) na ang isang paraang kinakailangan upang mabigyan ng solusyon ang suliranin sa pagbasa sa Ingles ay sa pamamagitan ng ilustrasyon. Ang kadalasang ginagamit sa ilustrasyon ay larawan, grap, talahanayan, dayagram, at photograp. Ayon kina Crooks at Chaudron (1991) sa pagbanggit ni Dacanay (2000), ang mga ilustrasyon, dayagram, larawan at krokis ay pinakamagandang kagamitan upang gawing kongkreto ang mga abstraktong kaisipan.

Ipinaliwanag pa nila ang kaugnayan ng mga ito sa salita dahilan sa ang tao ay nakikinig sa pamamagitan ng kanilang tainga at nakakikita sa pamamagitan ng kanilang mga mata.

Dagdag pa ni Hatch (1979), na upang madaling maunawaan ang mga konsepto ay gagamit ng mga di-verbal na kagamitan tulad ng larawan, ilustrasyon at krokis.

Antas ng Performans sa Komprehensyon
sa Dayagram ng mga mag-aaral

Ipinapakita ng Talahanayan 9 ang antas ng performans sa komprehensyon sa dayagram ng mga mag-aaral. Sa 5 aytem na pagsusulit, 157 (43.6%) ang nakakuha sa iskor na 2 , ito ay sa antas na bahagya ang komprehensyon; 112 (31.1%) ang nakakuha sa iskor na 3 , ito ay sa antas na katamtaman ang komprehensyon; sa walang komprehensyon ay 81 (22.5%); sa may komprehensyon ay (2.2%); at sa at sa mataas ang komprehensyon ay 2 (0.6%). Ang mean ng performans sa komprehensyon sa dayagram ng mga mag-aaral ay 2.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay taliwas sa pag-aaral ni Dacanay (2000), sa dahilang pumangalawa ang dayagram sa performans ng kanyang mga respondente sa kagamitnag di-verbal. Ipinapahiwatig nitong madaling maunawaan ang dayagram kumpara sa tsart at grap. Madaling maunawaan sapagkat ito ay grapikong kagamitan na karaniwan

Talahanayan 9. Antas ng Performans sa Komprehensyon sa Dayagram ng mga Mag-aaral.

| ANTAS | BILANG NG RESPONDENTE | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| 5 | 2 | 0.6 |
| 4 | 8 | 2.2 |
| 3 | 112 | 31.1 |
| 2 | 157 | 43.6 |
| 1 | 81 | 22.5 |
| KABUUAN | 360 | 100.0 |
| MEAN | 2 | |

Legend
- 5 – 5 = mataas ang komprehensyon
- 4 – 4 = may komprehensyon
- 3 – 3 = katamtaman ang komprehensyon
- 2 – 2 = bahagya ang komprehensyon
- 1 – 1 = walang komprehensyon

sa siyentipiko at mga tekstong teknikal. Isang karaniwang uri ay ang tree dayagram na ginagamit sa paaralan upang ipakita ang organizational set-up na nagpapakita ng mga linya ng awtoridad at responsibilidad. Sa bayolohikal na teksto, ito ay ginagamit upang ipakita ang klasipikasyon ng mga halaman at hayop. Sa sosyolohikal at antropolohikal na literatura, ito ay ginagamit upang ipakita ang ayos ng mga proseso o kaya ay hakbang (Bilgera, 1986).

Ipinahihiwatig ng resulta ng performans sa dayagram ng mga mag-aaral na bahagya ang kanilang pag-unawa kahit na sinasabing

madaling maunawaan ito. Kailangan ng eksposyur sa dayagram ang mga mag-aaral upang masanay sila sa pag-intindi dito.

Buod ng Antas ng Performans sa Komprehensyon
sa mga Kagamitang Di-verbal

Matutunghayan sa Talahanayan 10 ang buod ng performans sa sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral. 260 (72.2%) mag-aaral ang nakakuha sa antas na 72 pababa; sa pagitan ng 73 – 79 ay 91 (25.3%) mag- aaral; walang nakakuha sa antas na 87 – 93 at 94 – 100. Ang pangkalahatang mean sa performans sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ay 68.

Natuklasan ni Dacanay (2000) sa kanyang pag-aaral na kasiya-siya ang antas ng performans ng mga respondente sa pag-unawa sa mga di-verbal na materyal. Taliwas ang resulta ng pag-aaral na ito sa pag-aaral ni Dacanay dahilan sa nasa antas na walang pag-unawa ang mga mag-aaral sa mga kagamitang di-verbal.

Hindi makabuluhan ang antas ng performans performans sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral kaya hindi tinatanggap ang haypotesis nito. Kailangang tutukan ang mga mag-aaral na bumasa sa mga di-verbal na kagamitan upang malinang ang kanilang pag-unawa sa mga ito lalung - lalo sa nga kursong pinagbigyan ng pagsusulit – BSA, BSAB, BSDC, BSF at BSAENG'G. Isa pa sa paggamit ng mga

Talahanayan 10. Buod ng Antas ng Performans sa Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-verbal ng mga Mag-aaral.

| ANTAS | BILANG NG RESPONDENTE | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| 94 – 100 | 0 | 0 |
| 87 – 93 | 0 | 0 |
| 80 – 86 | 9 | 2.5 |
| 73 – 79 | 91 | 25.3 |
| 72 pababa | 260 | 72.2 |
| KABUUAN | 360 | 100.0 |
| MEAN | 68 | |

Legend
94 – 100 = 5 mataas ang komprehensyon
87 – 93 = 4 may komprehensyon
80 – 86 = 3 katamtaman ang komprehensyon
73 – 79 = 2 bahagya ang komprehensyon
72 pababa = 1 walang komprehensyon

kagamitang di-verbal malilinang ang kanilang kasanayan sa pagsasalita, pagbasa, pagsulat, pakikinig lalung-lalo ang kanilang pag-unawa. Hind lamang sa mga verbal na kagamitan natututo ang ang mga mag-aaral. Kung ano ang natututuhan nila sa mga verbal na kagamitan siya ring natututuhan nila sa mga kagamitang di-verbal.

<u>Kaugnayan ng mga Varyabol sa mga Kagamitang Di-verbal ng mga Mag-aaral</u>

Tatalakayin dito ang kaugnayan ng mga varyabol sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay ayon sa unang wika, kasarian, eksposyur sa midya at

pinagtapusang paaralan sa hayskul. Ang ginamit na instrumento ay $X^2_C$ (Chi-Square ).

Kaugnayan ng Komprehensyon sa mga Kagamitang
Di-verbal ayon sa Unang Wika

Makikita sa Talahanayan 11 ang kaugnayan ng unang wika sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral. Ang mga wikang tinutukoy ay Kankanaey, Ibaloi, Ilocano, Tagalog, Kalinga, Kalanguya at Tuwali.

Walang nakakuha sa alin mang wika sa antas na 94 – 100 at 87 – 93. Sa antas na 80 – 86, 41 sa mga mag-aaral na nagsasalita ng Kankanaey; 10 sa Ibaloi; 14 sa Ilocano. Walang nakakuha sa antas na ito sa mga mag-aaral na ang unang wika ay Tagalog, Kalinga, Kalanguya at Tuwali. Sa antas na 73 - 79, 14 sa Kankanaey; 7 sa Ibaloi; 9 sa Ilocano; 1 sa Tagalog at Tuwali. Sa antas na 72 pababa, 167 sa Kankanaey; 45 sa Ibaloi; 40 sa Ilocano; 7 sa Tagalog; 1 sa Kalinga at Kalanguya at 2 sa Tuwali.

Lumabas sa pagsusuri na ang $X^2_C$ ay 10.923 sa probability nitong 0.536. Hindi tinatanggap ng haypotesis ng pag-aaral na may kaugnayan ang unang wika sa pag-unawa sa mga di-verbal na kagamitan ng mga mag-aaral.

Talahanayan 11. Kaugnayan sa Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-verbal ng mga Mag-aaral Ayon sa Unang Wika.

| ANTAS | KANKANAEY | IBALOI | ILOCANO | TAGALOG | KALINGA | KALANGUYA | TUWALI |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 94 – 100 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 87 – 93 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 80 – 86 | 41 | 10 | 14 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 73 – 79 | 14 | 7 | 9 | 1 | 0 | 0 | 1 |
| 72 pababa | 167 | 45 | 40 | 7 | 1 | 1 | 2 |
| KABUUAN | 222 | 62 | 63 | 8 | 1 | 1 | 3 |

$X^2C = 10.923$ Probability = 0.536

ns = not significant

<u>Kaugnayan sa Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-Verbal ng mga Mga-aaral Ayon sa Kasarian</u>

Matutunghayan sa Talahanayan 12 ang kaugnayan ng kasarian sa pag-unawa sa mga di-verbal na kagamitan ng mga mag-aaral. Ang mga lalaki ay binubuo ng 182 at ang mga babae naman ay 178.

Ayon sa talahanayan walang nakakuha sa antas na 94 – 100 at 87– 93 sa mga lalaki. Sa antas na 80 – 86 ay 33; sa antas na 73 – 79 ay 16; at sa antas na 72 pababa ay 133. Tulad ng mga lalaki wala ring nakakuha sa antas na 94 – 100 at 87 – 93 sa mga babae. Sa antas na 80 – 86 ay 32 ; sa antas na 73 – 79 ay 16 at sa antas na 72 pababa nakakuha sa antas na 94 – 100 at 87 – 93 sa mga babae. Sa antas na 80 – 86 ay 32 ; sa antas na 73 – 79 ay 16 at sa antas na 72 pababa ay 130.

Hindi nagkakalayo ang resulta ng kaugnayan ng kasarian sa komprehensyon sa mga di-verbal na kagamitan ng mga mag-aaral.

Lumabas sa pagsusuri na ang $X^2_C$ value ay 0.005 sa probality nitong 0.997. Hindi tinatanggap ng haypotesis ng pag-aaral na may kaugnayan ang kasarian sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Dacanay (2000), mas mataas ang performans ng mga babae kaysa sa mga lalaki. Taliwas ang resulta ng pag-aaral na ito dahilan sa magkapareho ang antas ng pag-unawa ng mga lalaki at babae.

Talahanayan 12. Kaugnayan sa Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-verbal Ayon sa Kasarian ng mga Mag-aaral.

| ANTAS | LALAKI | BABAE |
|---|---|---|
| 94 – 100 | 0 | 0 |
| 87 – 93 | 0 | 0 |
| 80 – 86 | 33 | 32 |
| 73 – 79 | 16 | 16 |
| 72 pababa | 133 | 130 |
| KABUUAN | 182 | 178 |

$X^2_C = 0.005$ probability = 0.997
ns = not significant

Lumabas sa pag-aaral nina Bernal (2000), Dalay-on (1991 at Lubrica (1986) sa pagbanggit ni Dacanay (2000) na ang kasarian ay walang kinalaman sa antas ng performans ng mga respondente. Ganoon din sa pag-aaral nina Villaflor (1996) at Cuyan (1995) na walang kaugnayan ang kasarian sa komprehensyon ng mga mag-aaral.

<u>Kaugnayan ng Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-verbal ng mga Mag-aaral Ayon sa Eksposyur sa Midya</u>

Ang eksposyur sa midya ay nahahati sa print media at broadcast media. Ang print media ay binubuo ng pahayagan at magasin samantalang sa broadcast media ay binubuo ng telebisyon at radyo.

Ipinapakita ng Talahanayan 13 ang kaugnayan ng komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ayon sa eksposyur sa midya ng sa mga mag-aaral. Walang nakakuha sa antas na 94 – 100 at

87 – 93 sa pahayan; 50 sa antas na 80 – 86; 21 sa 73 – 70 at 186 sa 72 pababa. Sa magasin, wala ring nakakuha sa antas na 94 – 100 at 87 – 93; 12 sa antas na 80 – 86; 11 sa 73 – 70 at 70 sa 72 pababa. Sa telebisyon, wala ring nakakuha sa antas ng 94 – 100 at 87 – 93 ; 45 sa antas na 80 – 86 ; sa antas na 73 – 79 ay 24 at sa antas na 72 pababa ay 148. Sa radyo, wala ring nakakuha sa antas na 94 – 100 at 87 – 93; sa antas na 80 – 86 a6 30; 17 sa antas na 73 – 79 at sa antas na 72 pababa ay 181.

Base sa resulta ng pag-aaral ang $X^2_C$ value ng pahayagan ay 1.552 at ang probability nito at 0.460; sa magasin ang $X^2_C$ value ay3.146 at ang probability nito ay 0.207; ang $X^2C$ value sa telebisyon ay 6.834 sa probability nitong 0.033; at sa radyo ang $X^2_C$ ay 0.594 sa probability nitong 0.743. Hindi makabuluhan ang naging resulta sa pagsusuri sa pahayagan, magasin at radyo ngunit lumabas na makabuluhan ang resulta sa komprehensyon sa mga kagamitang di- makabuluhan ang resulta ng komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral sa telebisyon.

Ang antas ng performans sa komprehensyon mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ay sa pagitan ng bahagya at walang pag-unawa. Pero lumabas na karamihan sa mga mag-aaral ay napapabilang sa antas na 72 pababa o walang pag-unawa.

Talahanayan 13. Kaugnayan ng Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-verbal ng mga Mag-aaral Ayon sa Eksposyur sa Midya.

| ANTAS | PAHAYAGAN | MAGASIN | TELEBISYON | RADYO |
|---|---|---|---|---|
| 94 – 100 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 87 – 93 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 80 – 86 | 50 | 12 | 45 | 30 |
| 73 – 79 | 21 | 11 | 24 | 17 |
| 72 pababa | 186 | 70 | 148 | 134 |
| KABUUAN | 257 | 93 | 217 | 181 |
| CHI – Square Value | $1.552^{ns}$ | $3.146^{ns}$ | $6.834^{*}$ | $0.594^{ns}$ |
| PROBABILITY | 0.460 | 0.207 | 0.033 | 0.743 |

* significant ns = not significant

Pinatutunayan ng pag-aaral na mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga bagay na napapanood kaysa sa naririnig o nababasa sa pamamagitan ng mga verbal na bagay. Sa pagtuturo hinihikayat ang mga guro na hindi palaging kagamitang viswal ang gagamitin kundi pati na rin ng audio-visual sa dahilang ito ay nakatutulong sa ikalilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga di-verbal na kagamitan.

Pinatunayan sa pag-aaral ni Sison (1997) na mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga larawan kaya naipahahayag ng mga mag-aaral

ang kanilang kaisipan. Ito ay nagpapatunay na ang mga nakikita ay mas nakakikintal sa isipan ng mga mag-aaral kaysa sa naririnig lamang.

Ang ginamit ni Ticong (1999) sa kanyang pag-aaral upang matuklasan ang komprehensyon ng mga mag-aaral ay patalastas. Natuklasan niyang nahihirapan ang mga mag-aaral sa bokabularyo ngunit madali sa kanila ang literal na pag-unawa sa mga awtentikong materyal gaya ng larawan, tsart, grap, simbolo, dayagram at iba pa. Walang makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral sa komprehensyon sa mga di-verbal na materyal ayon sa uri ng babasahin sa kanilang bahay.

Sa pag-aaral na ito lumabas na ang uri ng midyang makabuluhan sa pag-unawa sa mga di-verbal na kagamitan ng mga mag-aaral ay telebisyon. Hinihikayat ang mga guro na gumamit din ng telebisyon sa pagtuturo bilang kagamitan para sa madaling ikauunawa at ikatututo ng mga mag-aaral sa aralin.

Kaugnayan sa Komprehensyon sa mga Kagamitang
Di-verbal ayon sa Pinagtapusang Paaralan

Matutunghayan sa Talahanayan 14 ang kaugnayan sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ayon sa pinagtapusang paaralan sa hayskul ng mga mag-aaral. Ito ay binubuo ng pampubliko at pampribadong paaralan.

Sa antas na 94 – 100 at 87 – 93 walang nakakuha sa mga mag-aaral na nakapagtapos sa pampribadong paaralan. 7 sa antas na 80 -86; 5 sa antas na 73 – 79 at 41 sa 72 pababa. Ito ay may kabuuang 53.

Sa mga mag-aaral na nakapagtapos sa pampublikong paaralan, wala ring nakakuha sa antas na 94 – 100 at 87 – 93. 58 sa antas na 80 – 86; 27 sa antas na 73 – 70 at sa antas na 72 pababa ay 222. Ito ay may kabuuang 307.

Ayon sa pagsusuri ang $X^2_C$ value ay 0.987 at ang probability nito ay 0.610. Lumabas sa pagsusuri na walang kabuluhan ang paaralang pinagtapusan sa komprehensyon sa mga di-verbal na kagamitan ng mga mag-aaral.

Ang resulta ng pag-aaral ay taliwas sa pag-aaral ni Dacanay (2000) na makabuluhan ang pinagtapusang paaralan sa performans sa pag-unawa ng mga respondente sa tsart samantalang sa grap, talahanayan at dayagram ay walang kabuluhan.

Sa pag-aaral naman ni Sison (1997) natuklasan niyang mas mataas ang performans ng mga mag-aaral na nakatapos sa pribadong paaralan kaysa sa publikong paaralan. Ang dahilan nito ay may kaugnayan sa gawi ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ayon pa rin sa kanya, karamihan sa mga pribadong paaralan ay may aklatan at madalas ang subskripsyon nila ng mga pahayagan at magasin para sa mga mag-aaral.

Talahanayan 14. Kaugnayan ng Komprehensyon sa mga Kagamitang Di-verbal ng mga Mag-aaral Ayon sa Pinagtapusang Paaralan sa hayskul.

| ANTAS | PAMPRIBADO | PAMPUBLIKO |
|---|---|---|
| 90 - 100 | 0 | 0 |
| 87 - 93 | 0 | 0 |
| 80 - 86 | 7 | 58 |
| 73 - 79 | 5 | 27 |
| 72 - Pababa | 41 | 222 |
| KABUUAN | 53 | 307 |

Sa mga publikong paaralan ay maraming mga aklat na nanggagaling sa iba't ibang ahensya ngunit walang subskripsyon sa mga pahayagan at magasin.

Sa pag-aaral naman ni Bagano (1986) mas mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pribadong paaralan kaysa sa mga mag-aaral sa publikong paaralan. Ito ay may kaugnayan sa diin sa "academic development" ng mga mag-aaral sa pribadong paaralan samantalang "work-oriented curriculum" naman ang diin sa publikong paaralan.

**PAGLALAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Ilalahad sa kabanatang ito ang lagom, kongklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral.

Paglalagom

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa hangaring masuri at matukoy ang komprehensyon at antas ng performans sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral sa unang taon na kumukuha ng kursong BSA, BSAB, BSDC, BSF at BSAENG'G. Layunin ng pag-aaral na ito na mabigyang-linaw ang mga sumusunod:

1. Masuri ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

2. Matukoy ang antas ng performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

3. Matukoy ang kaugnayan ng komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral sa mga sumusunod na varyabol:

a. unang wika

b. kasarian

c. eksposyur sa midya

d. pinagtapusang paaralan sa hayskul

Ginamit ang palarawang disenyo ng pananaliksik upang matukoy at

masuri ang komprehensyon at antas ng performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral. Tinukoy rin ang kaugnayan ng mga varyabol tulad ng unang wika, kasarian, eksposyur sa midya at pinagtapusang paaralan sa hayskul.

Sa pagtukoy sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ginamit ang antas na: 94 – 100, mataas ang komprehensyon sa mensaheng ipinahahayag; 87 – 93, may komprehensyon sa mensaheng ipinahahayag; 80 - 86, katamtaman ang komprehensyon sa mensaheng ipinahahayag; 73 – 79, bahagya ang komprehensyon sa mensaheng ipinahahayag at 72 pababa, walang komprehensyon sa mensaheng ipinahahayag sa mga kagamitang di-verbal.

Upang matukoy ang antas ng performans performans sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ginamit ang limang eskalang pagpapasya: 5 – mataas ang komprehensyon; 4 – may komprehensyon; 3 – katamtaman ang komprehensyon; 2 bahagya ang komprehensyon at 1 – walang komprehensyon .

Pinasagot sa mga mag-aaral ang 100 aytem na pagsusulit na binubuo ng larawan, na 30 aytem; tsart 15 aytem; grap 30 aytem; 10 aytem sa simbolo at ilustrasyon; at 5 aytem sa dayagram.

Pinasagot ang mga talatanungan upang makuha ang mga varyabol

na unang wika, kasarian, eksposyur sa midya at pinagtapusang paaralan sa hayskul. Ginamit ang $X^2_C$ (Chi-Square) sa pagtukoy sa kaugnayan ng mga varyabol.

Batay sa layunin ng pag-aaral narito ang mahahalagang resulta sa pag-aaral:

1. Ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ay mababa dahilan sa walang nakakuha sa antas na 94 – 100 at 87 – 93. (18.7%) mag-aaral ang nakakuha sa antas na 80 – 86, (8.9%) sa antas na 73 – 79 at (73.1%) sa antas na 72 pababa.

2. a. Ang antas ng performans sa komprehensyon sa larawan ng mga mag-aaral ay may mean na 21. Sa 30 aytem na tanong (66.1%) mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 19 – 24 at ang antas nito ay 4 o may komprehensyon.

b. Ang mean sa antas ng performans sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa tsart ay 13. Sa 15 aytem na tanong, (63.6%) na mga mag-aaral ay nakakuha nasa pagitan ng 13 – 15, ang antas nito ay 5. Nangangahulugang mataas ang kanilang pag-unawa sa tsart. Naintindihan nila agad ang kaisipang ipinahahayag nito.

c. Ang antas ng performans sa komprehensyon sa grap ng mga mag-aaral ay may mean na 22. Sa 30 aytem na tanong (74.7%) mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 19 – 24. Ito ay nasa antas na

4 na ipinapakahulugang may komprehensyon sa grap ang mga mag-aaral.

d. Natuklasang ang antas ng performans sa komprehensyon sa simbolo ng mga mag-aaral ay may mean na 4. Sa 10 aytem na tanong karamihan sa iskor ay nasa pagitan ng 3 – 4 sa antas na 2 na ang ibig sabihin ay bahagya ang kanilang komprehensyon sa mga simbolo.

e. Ang antas ng performans sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa ilustrasyon ay may mean na 6. Sa 10 aytem na tanong maraming mag-aaral ang nakuha ng iskor sa pagitan ng 7 – 8, ito ay sa antas 4 na nangangahulugang may komprehensyon sila sa mga ilustrasyon.

f. Natuklasan ding ang antas ng performans sa dayagram ng mga mag-aaral ay may mean na 2. Sa 5 aytem na pagsusulit marami ang nakakuha sa iskor na 2, ito ay sa antas na 2. Ang ibig sabihin nito bahagya ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa dayagram.

3. Ang kinalabasan ng pag-aaral sa pagsusuri sa kaugnayan ng mga varyabol sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral ay ang mga sumusunod:

a. Sa lahat ng wika, walang nakakuha sa antas na 94 – 100 at 87 – 93. Sa Kankanaey 41 mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 80 – 86, 14 ang nakakuha sa pagitan ng 73 – 79 at 167 ang nakakuha

ng 72 pababa. Ipinapakita ng pagsusuri na nakararami sa mga mag-aaral na ang unang wika ay Kankanaey ang nakakuha sa antas na walang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal. Sa Ilocano, 14 ang nakakuha sa pagitan ng 80 – 86; 9 sa pagitan ng 70 – 73; at 40 sa 72 pababa. Nasa antas na walang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ang kinalabasan ng pagsusuri sa mga mag-aaral na ang unang wika ay Ilocano. Sa Ibaloi, 10 mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 80 – 86; 7 sa pagitan ng 73 – 79 at 45 sa 72 pababa. Lumabas sa pagsusuri na nasa antas na walang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal na kagamitan ang mga mag-aaral na ang unang wika ay Ibaloi. Sa Tagalog, 1 ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 73 – 79; 7 sa 72 pababa. Nasa antas na walang komprehensyon pa rin sa mga kagamitang di-verbal ang mga mag-aaral na ang unang wika ay Tagalog. Sa Kalinga, Kalanguya at Tuwali ay parehong nasa antas na walang komprehensyon ang kinalabasan ng pagsusuri dahilan sa nasa pagitan ng 72 pababa ang naging resulta ng pagsusulit na ibinigay.

Hindi tinatanggap ng haypotesis ng pag-aaral na may kaugnayan ang unang wika sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

b. Ang lumabas sa pagsusuri sa kaugnayan ng mga varyabol sa komprehensyon ng mga kagamitang di-verbal ayon sa kasarian na halos

magkapareho ang bilang ng lalaki at babaeng respondente na nakakuha ng iskor sa pagitan ng 72 pababa. Hindi tinatanggap ng haypotesis na may kaugnayan ang kasarian sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

c. Sa kanilang eksposyur sa midya, lumabas sa pagsusuri na hindi makabuluhan ang naging resulta sa pahayagan, magasin at radyo ngunit lumabas na makabuluhan ang resulta sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral sa telebisyon.

d. Sa pinagtapusang paaralan, pareho ang iskor ng mga mag-aaral na nagtapos sa pampubliko at pampribadong paaralan ay nasa antas na 72 pababa. Nangangahulugang walang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ang mga mag-aaral. Hindi tinatanggap ang haypotesis ng pag-aaral na may kaugnayan ang pinagtapusang paaralan sa hayskul sa komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral.

Kongklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na kongklusyon ay nabuo:

1.Mababa ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ng mga mag-aaral na nakatala sa kursong, BSA, BSAB, BSDC, BSF, at BSAENG'G.

2. Mataas ang komprehensyon sa larawan, tsart, grap at ilustrasyon ng mga mag-aaral ngunit mababa sa simbolo at dayagram.

3. Hindi tinatanggap ng haypotesis ng pag-aaral ang kaugnayan ng mga sumusunod na varyabol: ang unang wika, kasarian, eksposyur sa midya at pinagtapusang paaralan sa hayskul.

## Rekomendasyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral at nagawang kongklusyon, ang mga sumusunod ay ipinapayo:

1. Kailangang linangin ang komprehensyon sa mga kagamitang di-verbal ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglalantad sa kanila ng iba't ibang uri ng mga ito.

2. Iminumungkahi ang paggamit ng mga guro ng Filipino ng mga kagamitang di-verbal upang malinang ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa mga ito.

3. Magbigay ng maraming pagsasanay sa gramatika na ang lunsaran ay mga kagamitang di-verbal.

4. Maghanda ng mga suplementong kagamitang panturo lalung-lalo na sa mga mag-aaral na nakatala sa mga kolehiyong binigyan ng pagsusulit upang malinang ang kanilang komprehensyon sa mga ito.

5. Gumawa ng iba pang pag-aaral tungkol sa mga kagamitang di-verbal na ang tuon ay sa apat na uri ng pagpapahayag: pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at pangangatwiran.